Magasin ng BAGONG Buhay

HULYO 21, 1957




UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LIBRARY
JUL 22 1957



Si "Alkalde" Dempayg Gumiad ng Abaka at ang kanyang angkan. Kinilalang dating hari ng tribo, mariwasa at matalino ang "alkalde" ay isa sa dalawang Ilongot na nagtataglay ng karapatang makaboto sa araw ng halalan.



Bunsong anak ng pinakamatandang Ilongot sa Abaka na siyang kinikilalang tagapayo ng buong tribo, ang 16 na taong-gulang na si Lona (nakalarawan) ang itinuturing na pinakamagandang dalaga sa buong sityo. Nahawahan ng bagong kabihasnan, kaipala'y hindi na hihilingin ni Lona sa kanyang kasintahan ang buhay ng isang Kristiyano bilang kapalit ng kanyang kamay.



Nagtatagumpay ang palatuntunang "pang-aakit" na pinaiiral ni Alkalde Victorino Borja. Ang nasa larawan ay 9 na Ilongot buhat sa Sityo Pugo, isang linggong lakarin buhat sa Pantabangan, na nagsibaba at nanumpa sa harap ng alkalde nang kanilang pagpapailalim sa batas ng Republika. Ang nakaupo ay si G. Ismael Linsangan, superintendente ng mga Di Binyagan sa Nuweba Esiha.

# *KABIHASNAN*... Sa Buhay Ng Mga 'Mamumugot-Ulo'


MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan
PETE VENEZUELA — Sa Sining

GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad at katulong sa Anunsiyo
BEN T. SANTOS — Potograpo

HALAGA NG SUSKRISYON:
Tatlong buwan . . . ₱3.00 Anim na buwan . . . ₱6.00
Isang taon . . . ₱12.00
Doble ang halaga kung ipadadala sa ibang bansa


NABABATID ng lahat na napakalaking kayamanan ang nakatago sa mga liblib na pook ng mga bundok ng Siyera Madre at Karabalyo. Animo'y isang mahabang hanay ng matibay na moog na sadyang itinayo ng katalagahan sa silangang Luson at sumasaklaw sa mga lalawigang Quezon, Nuweba Esiha, Nuweba Biskaya, Isabela at Kagayan, sa pusod ng mga bundok na ito naroroon ang iba't ibang uri ng mineral, naglalakihang mga punong-kahoy at iba pang mga produktong likas na kayamanan ng mga kagubatan na kung makukuha at maibababa sa kapatagan ay magiging malaking karagdagan sa kayamanan ng bansa.

Subali't sa kabila ng kabatirang iyan at sa pagkakaroon ng mga makabagong makinaryang magagamit upang ang mga nakatagong kayamanang iyan ay makuha para sa kapakanan ng mga mamamayan, ang mga bundok ng Siyera Madre at Karabalyo ay nananatiling hindi magalaw ng mga tao dahil sa isang kapanganibang siyang nagsisilbing hadlang sa kanilang pagpunta roon.

Iniiwasan ng mga naninirahan sa kapatagan ang mga liblib at matatarik na panig ng Siyera Madre at Karabalyo sa pag-ilag ng mga ito sa mga taong-bundok na naninirahan doon. Bagama't walang tiyak na ulat na mapagbabatayan, tinataya na ang mga taong-bundok na ito ay aabot sa 100,000 humigit-kumulang. Hanggang sa kasalukuyan, ang mga ito ay namumuhay na katulad ng taong katutubo na siyang mga kauna-unahang nanirahan dito sa Kapuluan. Watak-watak at may kanya-kanyang mumunting kaharian, ang mga ito ay naglalaban-laban at nagpapatayan kapag nagkatagpo. Ang utos ng mga kinikilalang "hari" ng bawa't balangay ang tanging batas sa kaniyang mga nasasakupan, at ang sinumang hindi kabalangay na magawi sa inaari nilang lupain ay itinuturing na kaaway at walang pangiming pinapatay.

Sa mga taong-bundok ng Si-





Ang "hukbo" na nangangalaga sa kaayusan at katahimikan ng malawak na lupaing ginagalawan ng mga Ilongot na tinatayang umaabot hanggang sa Nuweba Biskaya. Ang nasa unang hanay ay ang mga kawal ng BCT na nakahimpil sa Abaka, kasama ang mga peryodista buhat sa Maynila. Ang mga nakatayo sa dakong likuran ay ang bumubuo ng Commando Unit na pawang Ilongot na nasasandatahan.

Sinulat ni


**H. ALFONSO GARCIA**

yera Madre at Karabalyo, ang higit na kinatatakutan ng lahat ay ang mga Ilongot na ang kakapalan ay sa dakong hilagang-silangan ng Nuweba Esiha naninirahan. Balita bilang mga 'mamumugot-ulo', ang mga ito ay iniilagan ng lahat, maging ng mga katulad nilang taong-bundok o ng mga Kristiyanong naninirahan sa kapatagan.

Nababatid ng mga nasa pamahalaan ang kahalagahan sa ating kapamuhayang pambansa kung ang maiilap na Ilongot ay mapaamo. Ito lamang ang mabisang paraan upang ang mga nakatagong kayamanan ng Siyera Madre at

(*Sundan sa pahina 4*)


# Isang Kaugaliang Pilipino...



"PAGLIGAW"

Sa baryo Hinundyan, Leyte, kapag nais ng isang lalaki na mapangasawa ang isang babae, hindi siya makapupunta sa bahay ng babae at hingin ang kanyang kamay upang pakasalan. Sa halip, dapat siyang magpapunta ng isang kaibigan (isang Abay) upang mamanhik para sa kanya. Sa pagdalaw na ito, ang abay ay maglalagay ng barya o pisong papel sa isang plato at ihahandog ito sa magulang ng babae bilang tanda ng pagnanais ng kanyang kaibigan na mapangasawa ang kanilang anak. Kapag sa kinaumagahan ay hindi ibinalik ang barya, ang lalaki'y malayang makaliligaw sa babae.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng —

# GINEBRA SAN MIGUEL

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*



Sa loob ng mahigit na isang daang taon, GINEBRA SAN MIGUEL ang paboritong hinebra sa Pilipinas. Ito ang nakapagdulot ng higit na kasiyahan sa lalong maraming kapistahan at mga pagtitipon sa mga nayon at bayan sa buong kapuluan sapagka't nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.

**MAKINIG SA:**
"Edong Mapangarap" sa DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 ng gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest" sa DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 ng gabi.

*isang produkto ng*

**LA TONDEÑA, INC.**

## Para Sa Kapakinabangan Ng Bansa, Kailangang Kumilos Ang Pamahalaan Upang Mapaamo Ang Mga Ilongot

Karabalyo ay mapakinabangan sa ikauunlad ng buong bansa. Subali't sa hinaba-haba ng panahong nagdaan, noon lamang nakaraang taon nagkaroon ng ilang mga lider na taos-pusong bumalikat sa pagpapaamo sa mga Ilongot upang akitin ang mga ito sa isang pamumuhay na kahalintulad ng pamumuhay ng mga Kristiyano.

Sa pagluklok sa kapangyarihan ni Alkalde Victorino Borja ng Pantabangan, Nueba Esiha noong 1956, ang "pagpapaamo" sa mga Ilongot ay napabilang sa mga pangunahing palatuntunan ng kasalukuyang administrasyon ng nabanggit na bayan. Noong tag-init ng 1956, ilang buwan pa lamang sa kanyang panunungkulan, hinamak ni Alkalde Borja ang lahat ng panganib at ang hirap ng tatlong araw na paglalakad at dinalaw ang mga Ilongot sa pook na kinalalagyan. Kasama ni G. Ismael Linsangan, isang Ilongot na lumaki sa kabihasnan at kasalukuyang Superintendente ng mga di-binyagan sa buong lalawigan, na siyang nagsilbing tagapamagitan, sinalunga ng pangkat ni Alkalde Borja na kinabibilangan ng ilang matataas na pinuno ng Pantabangan, ilang kawal ng 1st BCT at mga pulis pambayan, ang matarik na 8,000 talampakang ituktok ng "Pangikayan Peak" at nakipagkita kay Dempayg Gumiad, ang itinuturing na hari ng mga Ilongot sa Sityo Abaka, sakop ng Pantabangan.

Sa unang pagdalaw na iyon, ipinadama ni Alkalde Borja sa mga Ilongot ang kahalagahan at kabutihan para sa kanila kung sila ay paiilalim sa pamahalaan ng Republika at sa gayon ay sumapit sa kanilang paligid ang kapayapaan, kabihasnan at kaginhawahang tinatamasa ng mga mamamayang naninirahan sa kapatagan, bagay na sinang-ayunan ng mga dinalaw na Ilongot.

Sa loob ng may dalawang linggong pananatili sa bundok ni Alkalde Borja, isang pamahalaang may uring demokratiko ang naitatag niya sa gitna ng kagubatan. Sa pamamagitan ng hayagang pagboto ay nahalal bilang Alkalde ng Abaka si Dempayg Gumiad, ang dating "hari" at kilalang pangunahing mandirigma ng mga Ilongot. Binuo rin ni Alkelde Borja ang isang kauri ng sangguniang-nayon na binubuo ng mga matatanda at pinaka-matatalino sa mga Ilongot. Isang nagtataglay ng pangalang Kristiyano, si Felix Cajucom, ay nahirang bilang tininte ng Abaka at isang nagngangalang Watang Pasiguian ang kanyang naging katulong. Si Tumbang Pasiguian naman ang nahirang na tininte ng Sityo Umabi at si Ingangen Pasiguian ang naging pangalawa. Para sa Sityo ng Taang ay si Tapongo Pasiguian ang naging tininte at si Si-Ang Pasiguian ang kanyang pangalawa.

Ang kagawaran ng pulisya na siyang mangangalaga sa kaayusan at katahimikan ng Abaka ay itinatag din ni Alkalde Borja at isang nagngangalang Dionicio Kaanawan ang naatasan bilang **Chief of Police**. Tatlong Ilongot, sina Kanagang Kaanawan, Ingga Gumyad at Doming Gabugin ay nahirang bilang mga pulis na kakatulungin ni **Chief** Dionicio Kaanawan sa kanyang paglilingkuran. Sapagka't ang halos lahat ng mga lalaking Ilongot ay nagmamay-ari ng mga baril na nasamsam ng mga ito sa mga napatay nilang mga kawal Hapones noong panahon ng digmaan, ang lahat ay pinapanumpa ni Alkalde Borja bilang kagawad ng **Civilian Commando Unit** pagkatapos mairehistro ang tatak at bilang ng mga sandatang iningatan. Sa mga kawaning Ilonggot na nabanggit, dadalawa lamang ang tumatanggap ng pabuya sa kanilang paglilingkod. Buhat sa kabang-bayan ng pamahalaang probinsiyal ng Nueba Esiha ay sumasahod buwan-buwan si Alkalde Dempayg Gumiad ng halagang ₱20, at si Kaanawan ng halagang ₱15 naman.


Sa loob lamang ng isang

*(Sundan sa pahina 20)*




**Si Dionisio Kaanawan, "puno ng pulisya" ng Abaka, sa anyong wari'y tumatalaga sa isang pakikihamok.**

**Natututo nang kumilala ang mga Ilongot sa Kristiyanismo at relihiyon. Kuha ang larawan nang binyagan ang bunsong anak ni Alkalde Dempayg Gumiad na ang naghawak ay ang sumulat ng artikulong ito. Ang nagbasbas at nagbuhos ng tubig ay si Superintendente Linsangan. Pagsunod sa kaugalian ng mga Ilongot na ang ninong ang nagbibigay ng pangalan sa bibinyagan, ang bata ay pinangalanang "Luz".**








*Gng. Bading De Leon Eraña*

*Ang limang anak nina Dr. at Gng. Eraña. Mula sa kaliwa, harapan: Narcisa at Joselito. sa likuran: Paquing, Florencia at Nenita.*



# WASTONG PAGPAPALAKI SA MGA ANAK

**Pakikipanayam ni Ma. Salome Tonsay**

KUNG mayroon mang bagay na higit na kinagigiliwan si Gng. Amada (Bading) De Leon-Eraña, iyan ay walang iba kundi ang nauukol sa kanyang mga anak. Para sa kanya, ang pagtuturo at pag-aalaga sa mga ito ay walang kasing-halaga, bagay na kung siya'y pamimiliin sa kanyang gawain sa tanggapan at sa tahanan ay nakahihigit ang kanyang tungkulin sa tahanan.

Kung iisipin ay sino namang ina ang hindi magkakaroon ng damdaming tulad ng kay Aling Bading? Subali't may pagmamahal sa anak na hindi tumutugon sa tunay na kahulugan ng salitang pagmamahal. Marami ang nag-aakala na mapapag-aral, mapalaki at mahalik-halikan lamang ang mga anak ay sapat na. Nguni't ang pamamaraan ng paghubog sa mga anak na isinasagawa ni Aling Bading ay siya niyang natutuhan sa kanyang pinakamamahal na ina, ni Donya Narcisa Vda. de Leon ng LVN Pictures.

Si Aling Bading, bagama't lumaking wika nga ng iba ay "may gintong kutsara sa bibig", ay hindi natulad sa anak ng ibang may-kaya na "layaw" sa lahat ng bagay. Oo nga't naibibigay sa kanya ang kanyang ibig nguni't ang lahat ay may hanggahan at di lumalabis. At nang tumuntong siya sa sapat na gulang ay sinanay na sila, tulad ng iba niyang kapatid, sa pamamahala ng kanilang hanap-buhay. Kaya naman gayon na lamang ang kanyang pasasalamat at nahubog siya sa isang paraang naiiba na pinakinabangan naman niya hanggang sa mga panahong ito. At dahil sa aral na natutuhan niya sa kanyang ina ay may katwiran siya upang hutukin din ang kanilang mga anak sa pamamaraang tulad ng kanyang naranasan.

Ang limang anak ni Aling Bading na sina Nenita (13 taon), Paquing o Bulolong (11 taon), Florencia (9 na taon), Joselito (6 na taon) at Narcisa (3 taon at anim na buwan) ay ginigising na nila sa isang pamamaraang magmumulat sa mga ito upang makilala ang tinatawag na "tungkulin".

Ang limang bata ay may sadyang oras na iniuukol sa pag-aaral ng leksiyon, pagsasanay sa piyano at maging sa pagtulog. Sabihin man at hindi ng kanilang ina, ang mga batang ito ay nasanay na sa pagtulog sa tuwing ika-9:00 ng gabi. Kahit na ano pa ang kanilang ginagawa ay binibitiwan nila upang tuparin ang bilin ng ina; kung hindi ay tiyak na makakagalitan sila.

Talaga naman yatang likas na sa mga bunso ang pagiging "pilya". At ito ay nangyayari rin sa mga anak ni Aling Bading. Si Narcisa na siyang pinakabunso, ay siyang kalaban ng mga kapatid. Siya ang "reporter" sa tahanan ng mga Eraña oras na may kapatid na sumuway sa ipinag-uutos ng kanilang mga magulang.

Ang isang nakatutuwang nabanggit sa amin ni Gng. Eraña ay ang pagbabawal niya sa kanyang mga anak na magbasa ng komiks kung panahon ng pag-aaral. Buo raw ang kanyang paniniwala na sinusunod siya ng mga bata, kaya naman palagay ang loob niya. Nguni't itong si Narcisa ay siya palang mabuting manunubok kung ano ang ginagawa ng mga kapatid na nakatatanda. Dahil kay Narcisa ay natuklasan ni Aling Bading na "nakapagpupuslit" din ng komiks ang malalaki niyang anak at nagbabasa ang mga ito kahit oras ng pag-aaral ng leksiyon. Si Narcisa nga ang nagsumbong pagka't alam din nito kung saan itinatago ng mga kapatid ang mga komiks.

Iyan ang isa sa mga karanasang mahalaga para kay Aling Bading. Nguni't sa kabila ng lahat, ang bawa't sandali sa piling ng kanyang mga anak ay pawang mahalaga at kalugud-lugod. Kung wariin daw niya ay lagi siyang naiinip at hindi mapalagay kung nagdaraan ang maghapon na hindi niya nasisilayan ang mga bata. Katunayan, bagama't siya'y isa sa mga pinunong tagapagpaganap ng LVN Pictures ay minamabuti na niya ang kalahating araw lamang na pagpasok, mula sa ika-8:00 ng umaga hanggang ika-12:00 ng tanghali, upang sa hapon ay makapiling naman niya ang kanyang mga anak at nasa bahay din siya upang sumalubong sa pagdating ng kanyang kabiyak.

Dahil din sa labis niyang pag-aalala sa kanyang mga anak na iyon kung kaya si Gng. Eraña ay hindi mahilig maglakbay sa malalayong pook. Natatandaan niyang minsan siyang napasama sa kanyang kabiyak nang ito ay dumalo sa panayam ng mga dentista sa Miami, Florida noong Nobyembre, 1955. Noon ay pangulo si Dr. Eraña ng Philippine Dental Association. Nguni't hindi naging ganap ang kanyang kasiyahan pagka't sa lahat ng sandali ay nag-aalala siyang baka kung napapaano ang mga anak niya rito sa Pilipinas, laluna't kalikutan ng mga iyon. At dahil dito ay umuna siyang umuwi sa kanyang kabiyak kahit hindi pa tapos ang panayam.

Natatandaan din niyang naulit ang kanyang paglalakbay nang siya'y magtungo sa Tokyo noong bagong pasok ang 1956. Muli siyang nagtawid-dagat nang idaos ang Asian Film Festival sa Hongkong, at kamakailan lamang ay sa Tokyo naman nang idaos doon ang katatapos na Asian Film Festival. Nguni't hindi nga siya lubhang makapagtagal sa mga pook na iyon dahil sa kanyang pag-aalaala. Pinakamatagal na ang dalawa hanggang tatlong linggo, at umuuwi na agad siya sa sariling bayan.

Tungkol naman sa mga karanasan ni Gng. Eraña sa tanggapan niya sa EMA Building ay pare-pareho araw-araw at wala siyang masasabing pagbabago. Maya't maya ay may lumalapit sa kanyang mga may-ari ng sine sa mga lala-

*(Sundan sa pahina 31)*



## BUHAT SA MGA DIYARYO

"Ibinalita ng Pangalawang Kalihim Jose M. Trinidad ng Pagsasaka, na ang Pilipinas ay hindi nahuhuli sa mga bansa sa Europa sa paggamit ng mga makabagong paraan, nguni't kaya patuloy na kakaunti ang inaaning palay ay sapagka't hindi isinasakatuparan ng maraming magbubukid ang itinuturo sa kanila."

*Sinabi pa ni Trinidad na isa lamang sa sampung magsasaka ang nagtatangkang sumubok sa mga makabagong pamamaraan sa pagtatanim ng palay. Kung gayon, siyam sa sampung magsasaka ang ayaw umani nang masagana. (Isa pa sa mga dahilan ng pagtaas ng halaga ng bigas?)*

---

"Sinisi kagabi (Hulyo 15) ng dating Espiker Jose Yulo na kandidato ngayon sa panguluhan (LP) ang kasalukuyang administrasyon dahil sa kakulangan ng sapat na asukal para sa mamamayan at ang patuloy na pagtaas ng halaga niyon."

*Kailan lamang ay namudmod ng mga supot ng asukal ang dating Espiker sa mga mamamahayag. Ibig naming maniwala ngayon na kungdi man kinapos sa asukal si G. Yulo ay nasaktan naman ang kanyang bulsa sa ginawa niyang pamimigay ng "matamis" sa mga reporter.*

---

"Sinabi kahapon ng Pangalawang Pangulong Leonardo L. Garcia ng Hunta na ang panukala ng hunta munisipal na ₱12-milyong proyekto sa mga daluyan ng tubig sa Maynila ay mahigpit na isinasaayos upang masimulan sa lalong madaling panahon." (Hulyo 16)

*Anang isang taga-Sampalok: Matagal na, bago pa mahalal ang mga nasa kasalukuyang hunta, ay bumabaha na rito.*

---

ILAN SA MGA BAKAS NI "WENDY"
NAGKALAT ANG BANGKAY SA BAHA SA PANGASINAN

230 Na Ang Natagpuang Mga Patay
1,000 Pa Ang Di Makita Ng Mga Kamag-anakan Sa Tubig Na Lampas-ulo

75,000 ANG NAHAHARAP SA TAGGUTOM

Sa 28 Bayan Sa Batangas Lamang Na Sinalanta Ng Bagyong "Wendy"


*Isa na namang malaking "dagok" kay Huwan de la Krus pagkaraan ng trangkaso!*

---

Anang Pangulong Eulogio Rodriguez ng Senado: "Sasabihin ko sa Pangulong Garcia na hindi ako mag-aangat ng kahit isang daliri upang ako'y lumabas sa kombensiyon para sa panguluhan, nguni't sasabihin ko rin sa kanyang kapag ako'y pinili ng mga tao ay wala na akong magagawa kundi tanggapin ang kandidatura."

Sabi naman ng Pangulong Garcia: "Si G. Eulogio Rodriguez ay hindi kandidato sa pagka-Presidente."

*Kung kami ang pangulo, ito ang sasabihin namin: S. G. Eulogio Rodriguez ay kandidato sa pagka-Presidente. (pagka't ayaw naming masabing kami'y may kinatatakutan.)—GRF*



Nang kapanayamin ni RM ang itinatag niyang lupong nagsuri sa mga gawain ng NASSCO ilang araw bago siya nanumpa sa pagka-Pangulo ng Republika. Mula sa kaliwa: Jose A. Bernales, Eligio J. Tavanlar, tagapangulo ng lupon; RM, Felix Padilla, Jesus Battad, H. R. Ulpiano Sarmiento at Pedro V. Aguilar.

*Sa mga bakas ni Magsaysay*

# Kabutihan Laban Sa Kasamaan

### *ni CARLOS C. MARCELO*

IPINAHAYAG ni Embahador Carlos P. Romulo noong Disyembre, 1953:

"Kalihim pa ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa si Magsaysay ay sinugpo na niya ang pagbabangon ng mga komunista sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbabagong-tatag sa hukbong sandatahan at paglalayo rito sa pulitika. Hindi siya naglumagi sa tanggapan kundi nagtungo sa larangan at nakilabang kasama ng kanyang mga kawal."

Kahit nang maging Pangulo ng Republika'y ipinagpatuloy ni RM ang pagbaka sa mga komunista, nguni't hindi sa marahas na paraan; sapagka't binigyan niya ng pagkakataong makapagbagong buhay ang mga "kaaway ng pamahalaan".

Kaipala, sapat nang katunayan ng tagumpay ng Pangasiwaan ni RM laban sa Pulahan ang kusang pagsuko ni Luis Taruc, naging supremo ng Huk, at ng maraming kagawad ng HMB sa loob ng nakaraang tatlong taon. Ang iba sa kanila, na napawalang-sala ng hukuman, ay tumanggap ng "handog" na lupa sa mga pamahayan ng pamahalaan.

Nagmalasakit din ang "Idolo ng Bayan" sa kapakanan ng mga bilanggo. Sa pagdalaw sa mga piitan ay dininig niya ang mga suliranin at karaingan ng mga preso.

Nang walang kaabug-abog na magtungo sa pambansang bilangguan sa Muntinglupa, Rizal, si RM ay lumuluhang sinalubong ng naging Kinatawang Narciso Umali, isa sa mga preso roon. Sandaling nakipag-usap si RM kay Umali, bago nagsuri sa mga bakuran at tanggapan ng Bilibid.

Nagtanong ang "Kampeon ng Mahihirap" tungkol sa kinikita ng mga bilanggong gumagawa ng mga bagay sa kamay. Nagalak siya nang malamang si Gavino Pule ng Lunsod ng San Pablo, na nakapagdusa na noon ng 13 taon sa taning na pagkabilanggong habang-buhay, ay nakatipon ng ₱600 ipinadala sa mga kaanak.

At upang mapaunlad ang kalagayan ng mga 15,000 bilanggo sa buong Kapuluan ay nagbunsod si RM ng mga proyekto. Sa pakikipanayam sa mga pinunong panlalawigan ng Palawan at ng Kolonya Penal sa Iwahig ay iniutos ni RM ang pagbibigay ng anim na ektaryang lupa sa bawa't napalalayang preso.

Sinamahan nina Kongresista Gaudencio E. Abordo ng Palawan, Katulong na Direktor Eriberto B. Misa, Jr. ng



Bago maghalalan noong 1953, si Senador Mariano Jesus Cuenco na tumalikod sa Lapiang Liberal ay nakipagkita kay RM sa tahanan nito sa Manga Avenue at nangakong magtataguyod sa kandidatura ng naging Kalihim ng Tanggulang Pambansa sa pagka-Pangulo.

mga Bilangguan, Tenyente Heneral Jesus M. Vargas (ret.), Direktor Zoilo Castrillo ng mga Lupain at Komodoro Jose Francisco ng Hukbong-Dagat, mahigit na dalawang oras na nagsuri si RM sa kolonya penal.

Itinagubilin ni RM ang pagtatayo ng tatlong bagawaan ng mga paaralang **pre-fabricated** na ipamamahagi sa mga nayon sa Pilipinas; pabrika ng pagsasalata ng mga isda at iba pang produkto; maraming pagtatanim ng kape; pagpapalagi ng aning palay at pagpaparami ng mga alagang hayop.

"Upang mapagbagong-buhay ang mga pinatatawad at pinalalayang bilanggo, nais kong magkaroon sila ng pagkakataong mamuhay na mabubuting mamamayang may sariling kinikita sa pamamagitan ng matapat at mabungang paggawa," ani RM.

Natuwa ang "Idolo ng Bayan" nang iulat ni Direktor Bunye na nakapag-ani ng 54,000 kabang palay sa Iwahig noong 1954; nakapagtayo ng 200 ektaryang palaisdaan ng bangus at nakapagtanim ng 16,000 puno ng kape.

Bago nagbalik sa Maynila ay nangako si RM na magpapalabas ng ₱20,000 para ibili ng bagong uniporme ng mga bilanggo, bukod sa 4,000 supot na patabang buhat sa planta ng Maria Cristina upang mapaunlad ang mga pataniman sa Iwahig.

Sa pagsusuri sa mga lalawigan ay nakipanayam si RM sa mga preso. Halimbawa, nang maglibot sa Gitnang Luson noong Hulyo, 1954 ay isang oras siyang nakipag-usap sa sumukong tatlong amasonang Huk na napipigil noon sa himpilan ng Unang Purok Militar sa Kampo Olivas, San Fernando, Pampangga.

Ipinagtapat nina Gregoria de la Cruz, alyas Kumander Luningning; Romana Midel, alyas Flor, naging kabalitaan ni Taruc; at Julia de Belen, alyas Norman, naglingkod sa mga base ng HMB sa mga kabundukan ng Siyera Madre, na "naniniwala kaming maraming nagagawang mabuti ang pangasiwaang ito sa ikauunlad ng mga taga-nayon."

Nalilibang sa mga industriyang pantahanan habang napipiit, sinabi ng mga amasona na nasisiyahan sila sa mainam na pakikitungo sa kanila ng hukbo.

Nang pagpatalastasang ilan sa mga pinalayang amasona ang nabigo sa paulit-ulit na pagtatangkang mapasok sa Pangasiwaan ng Kagalingang-Bayan (SWA) at iba pang sangay ng pamahalaan ay nangakong tutulong ang "Kampeon ng Mahihirap".

Nabatid din ni RM na maraming usapin ng mga Huk ang nabibimbin sa hukumang unang dulugan ng Pampangga dahil sa kakulangan ng hukom, na, naiinip na ang napipiit na mga Huk sa paghihintay ng paglilitis. Kaya itinagubilin ni RM sa Kalihim Pedro Tuason ng Katarungan na magtalaga ng karagdagang hukom doon.

At nang malaman ni RM na ₱.46 lamang ang nakalaang gugulin sa tatlong oras na pagkain sa maghapon ng bawa't bilanggo ay iniutos niyang dagdagan ang rasyon sa halagang piso. Iyon ay kinatigan ng hunta probinsiyal, bagay na ipinagpasalamat ng may 150 preso noon sa piitang panlalawigan ng Pampangga.

Kung isasaalang-alang ang kanyang tungkulin at kapangyarihan, pambihira ang pagmamalasakit na ipinamalas ng "Idolo ng Bayan" sa kapakanan ng mga Huk at inasasamang-loob sa hangad na maakay ang mga ito sa matuwid na pagbabagong buhay. Marahil, sapagka't nananalig siyang pinakamabisang sandata laban sa kasamaan ang kabutihan.

Ayon kay Amelita Reysio-Cruz, binalak ni RM na sumama sa kanya sa Kabite upang "kunin" si Leonardo Manicio, alyas Narding Putik, kilabot na tulisan. Nguni't nang sabihin niyang maaaring hindi matagpuan si Manicio ay nagpadala na lamang ng sulat si RM at tinipan iyon kahit saan.

*(Sundan sa pahina 14)*






SANGKAP NA NAGPAPABABA NG LAGNAT SA

BAGONG PORMULA — MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

HIGIT NA MABISA KAYSA "KABABALAGHANG LUNAS"








**Pagsubok na ginawa sa 150 Amerikanong Abiador ay nagpatunay sa kabilisan ng CAFIASPIRINA sa pagpapababang lagnat.**

Mga pagsubok sa klinika na ginawa sa isang himpilan ng paliparan sa Estados Unidos sa 150 Abiador na binabagabag ng Influensa, bronchitis at sipon, ay magpatunay na ang tampok na sangkap ng bagong **Cafiaspirina** ay pinababa ang lagnat ng lalong mabilis kaysa mga tinatawag na kababalaghang lunas o "antibiotico." Ang kinalabasan ng pagsubok ay nagsasaad din na walang masamang bungang naidudulot, na paminsan-minsan kaagibat ng "antibiotico."

Ang **Cafiaspirina** ay nagdudulot ng hindi lamang isa kundi dalawang nagkakabisang pamawi ng kirot at saka ikatlong sangkap na dagling nagpapaginhawa sa panghihina, na laging kaagibat ng lagnat, kirot at sipon. Itong tatlong sangkap na "panlaban sa kirot" ay samasamang nagkakabisa, animo hatol ng manggagamot, na nagdudulot ng dagli at banayad na ginhawa. At bago ninyo namalayan, ang kirot at sakit ay napawi na pati ang pamimigat ng katawan na laging kaagibat ng sipon, lagnat o sakit ng ulo.

**Upang masugpo ang lagnat o sipon at muling sumigla...**

**Laging Lumunok ng –**


BAGONG PORMULA — MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

3-KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

42-3

Each tablet contains: Acetylsalicylic Acid .380 Gm.; Phenacetin .075 Gm.; Caffeine .025 Gm.



## "TOMATO ASPIC"

**Mga sangkap:**

¼ kilong repolyo
1½ tasang katas ng kamatis (de lata o sariwa)
asin at paminta
3 kutsarang mayonesa
1 sobre ng gulaman (Knox gelatin)
1 maliit na sibuyas
1 kutsarang katas ng kalamansi

**Paraan ng pagluluto:**

Busan ng mainit na tubig ang repolyo. Hiwa-hiwain nang pino pagkatapos.
Ilagay muna sa isang pinggan.
Ihuho ang gulaman sa isang malukom na pinggan. Samahan ng malamig na katas ng kamatis (½ tasa lamang).
Painitin ang natitirang isang tasang katas ng kamatis.
Ibuhos sa gulaman, haluing mabuti upang matunaw. Timplahan ng kaunting asin at paminta. Ihalang huli ang katas ng kalamansi.
Ihulma sa isang kudradong sisidlang may guwang sa gitna.

# *mga pagkain natin*

Hintaying mabuo. Kung may palamigan ay palamigin ang gulaman sa loob niyon upang mabuo agad.
Ilagay sa isang malaking pinggan ang buong gulaman at ihanay sa paligid ang hiniwang repolyo.
Isalin ang mayonesa sa gitna ng gulaman (tingnan ang larawan).
Iayos ang sibuyas na hiniwa nang pabilog sa ibabaw ng gulaman.
Maaari rin namang samahan ng letsugas ang dahon ng repolyo kung ibig.


## PINIRITONG MANOK

**Mga sangkap:**

1 manok (3 libra)
1 tasang mantika
1½ tasang arina
4 na kutsarang toyo
kaunting paminta
½ kutsaritang paprika
3 kutsaritang katas ng kalamansi

**Paraan ng pagluluto:**


Gawin ang manok. Tilarin nang ayon sa ibig na laki ng mga piraso.
Ibabad sa toyo at kalamansing may kaunting paprika at paminta sa loob ng isang oras (tikman upang malaman kung tama na ang lasa).
Pagulungin sa arina ang manok.
Painiting mabuti ang mantika at pagkatapos ay ipirito ang pira-pirasong manok (hinaan ang apoy upang hindi masunog).
Ilanguin kung inaakalang luto na ang loob ng manok.
Ihain ang manok na may kasamang ketsup at pipinong hiniwa nang maninipis upang maging lalong masarap ang pagkain ng inyong mga kasambahay.





# Kayo at ang inyong Sanggol

ni Dr. Fe del Mundo
Isinalin sa Tagalog
ni Paraluman S. Aspillera



**(Karugtong)**

Sa kabutihang-palad, ito ay nalulunasan na sa ngayon sa paglalagay ng gamot sa mata ng sanggol pagkalabas nito sa maliwanag. Ang pag-iingat na ito ay tinatawag na "Crede's prophylaxis". Dati-rati, ito ay itinatagubilin pa ng batas nguni't ngayon ang paglalagay ng gamot sa mata pagkapanganak ay ginagawa na sa lahat saanman. Bukod sa rito, ang mga impeksiyon ng gonorheya ay nababawasan na rin dahil sa mga gamot na sulfa at penicillin.

Kung ang mga mata ay may impeksiyon ng gonorheya, kailangan ang ...alimit na paglilinis nito at ineksiyon ng penicillin ayon sa payo ng manggagamot. Ingatan din ang ang pagkakahawa ng iba sapagka't ang sakit na ito ay lubhang nakahahawa.

Ang impeksiyon ng mga mata ng malalaki nang bata ay maaaring bunga ng mga mikrobyo. Napakadaling maimpeksiyon ang mga mata sa pagkamot nito ng mga kamay at maruruming daliri. Kapag mayroon nang impeksiyon, kailangan ang lalong maagang pagpapatingin upang maiwasan ang pagkalat sa lalong maselang na mga bahagi nito.

Narinig na ninyo marahil na ang tigdas, bulutong tubig at bulutong ay nakakasama rin sa mata. Sa tigdas, ang mga mata ay nagsisipulang mabuti, nagluluha at makakati. Ang liwanag ay iniilagan ng bata. Sa bulutong-tubig at tunay na bulutong, maaari lamang na maging mapula nguni't may mga sugat kung minsan na kamukha ng nasa balat. Sa malulubhang bulutong, ang pagkakahawa ng mata ay pinanggagalingan ng lubusang pagkabulag.

### ANG DIBIB AT LIKOD NG BATA

Ang dibdib ng sanggol ay pabilog ang hugis. Ito'y malaman at pantay sa magkabilang tabi. Ang buto sa dibdib ay hindi sukat makita maliban na lamang kung ang bata ay napakapayat o kulang sa buwan.

Ang balangkas ng dibdib ay binubuo ng ilang buto. Ang kaalaman tungkol sa mga butong ito ay makakatulong sa pagkaalam ng nangyayari sa mga dibdib na may depekto. Sa kalagitnaan ay ang tinatawag na butundibdib o **sternum**. Sa itaas nito, sa magkabilang panig ng sternum at balikat ay isang maliit na butong tinatawag na balagat (clavicle). Sa magkabilang tabi naman ng butundibdib, papunta sa magkabilang tabi, at nahuhutok pasalikod ng gulugod ay ang mga tadyang.

Pitong pares ng tadyang natin ang nakadikit sa butundibdib sa harap at sa mga tinata...ag na mga tinik (spines) sa likuran. May dalawang pares ng tadyang ang nakadikit lamang sa likod nguni't walang kinadidikitan sa harap. Ito ang mga tinatawag na **floating ribs**. Isang parang haula ng buto ang nakapaligid sa mahahalagang sangkap sa loob ng dibdib, kasama na rito ang puso at ang baga. Ang naghihiwalay sa mga sangkap ng dibdib sa mga nasa loob ng tiyan ay ang **"diaphragm"** o lamantaling.

Ang kaliwang panig ng dibdib sa ibabaw ng puso ay may kataasan nang kaunti, kung minsan. Ito'y dahil sa paglaki sa karaniwan ng puso, o dahil sa mga ibang sakit at depekto ng puso sa pagsilang ng bata. Nangyayari itong kadalasan sa mga bata dahil pa sa kalambutan ng buto.

Kung minsan din, ang **sternum** ay mataas kaysa karaniwan at ang dibdib ay tila makipot. Ang tawag dito ay **pigeon chest** o dibdib-kalapati at siyang pinagmumulan ng mga sakit na **rickets** o kawa-

*(Sundan sa pahina 24)*

## Mga Payo Ukol Sa Iba't Ibang Pagkakataon

Ang isang tao ay kailangang maging maingat sa paghatol sa isang kamalian. Hindi nararapat ang pagbibigay ng parusa kapagdaka. Kailangang pagtimbang-timbangin muna ang lahat ng mga bagay na nagbibigay kadahilanan, tulad halimbawa ng kanyang paniniwala, kahinaan, pagkatao, at ang kaugaliang kanyang kinagisnan, bago bigyan ng karampatang parusa.

Sagutin ang sumusunod na mga katanungan upang mabatid ninyo kung kayo ay nabibilang sa mga taong makatarungan sa pagpapasiya sa kamalian o kahinaan ng inyong kapwa...


1. Madali mong kinagiliwan ang isang taong iyong nakilala, subali't nabigo ka ba nang siya'y makakilala mo nang lubusan?
2. Nakipag-isa o umanib ka ba sa isang samahan at pagkatapos ay iyong pinagsisihan?
3. Madalas ka bang magkaroon ng damdamin sa iyong kakilalang lalaki o kakilalang babae?
4. Ang ilan bang mapapait na karanasan ang nagbubunsod sa iyo upang madamay sa iyong pagkainis ang ilang taong kabilang sa gayong lahi o paniniwala?
5. O ang pagkakaroon din nila ng mga ugali at asal na tulad ng mga taong naging dahilan ng iyong pagkasawi ang nagbubunsod sa iyo upang sila'y ibilang sa iyong mga di-pagkakatiwalaan?
6. Madalas mo bang natutuklasan na kaya ka lamang pinakikisamahan ng mga tao ay dahil sa ibig lamang nila ang iyong tulong?
7. Madali ka bang mapapaniwala sa panlabas na kaanyuan ng mga tao?
8. Nakikisama ka ba sa mga taong walang sinasabi, ng mga mapangamkam at ng mga makaharing tao?
9. Ang hindi mo ba pag-iingat sa pagpili ng taong pagkakatiwalaan ng iyong mga lihim ang nagiging sanhi ng iyong pagkapahamak tuwina?
10. Nabigo ka ba sa pagkilala mo sa iyong mga kaibigan? Hindi ka ba nila dinaramayan sa oras ng kagipitan?

Mga katumbas ng inyong mga sagot na **oo**...

7...10—nagpapakilalang hindi ka makatarungan sa paghatol sa iyong kapwa.

1... 6—balikan mo ang lahat ng katanungang sinagot mo ng **oo** at isipin kung ano ang dahilan ng iyong pagkakagayon.

0.......hindi ka kaagad nagpapasya hangga't hindi mo nauunawaan ang laaht ng mga bagay, nakapagbibigay ka ng daan sa mga kamalian, tinitingnan mo ang mga bagay nang walang halong pag-iimbot para sa sariling kapakanan at natatanggap ng iyong sarili na baguhin ang ilan mong paniniwala.








**Isang higit na nakapananabik at di-malilimot na karanasan ang makapigil-hiningang pagsakay sa bangkang "sumusuba sa mabilis na agos" ng Talong Pagsanjan. Kung minsa'y nakatatakot, ito'y tunay na kasiyahan para sa mga nagtutungo sa Pagsanjan at sa bantog na talon nito.**

**Gayundin, milyun-milyong tao ang nagtatamo ng kasiyahan sa araw-araw mula sa makapigil-hininga at ginintuang maningning na DEL MONTE Pineapple Juice! Tamasahin ang bawa't ginintuang patak ng malasa at nakalulusog na katas na ito — sa lahat ng oras!**


**Del Monte**
BRAND
**PINEAPPLE JUICE**


# Para Sa Inyong Mga Hapag

TATLONG DISENYONG PAMBURDA PARA SA INYONG MGA PANLATAG SA HAPAG O MGA MANTEL ANG MAKIKITA SA PITAK NA ITO. ANG NASA KANAN AY ISANG SULOK NG BINURDAHANG MANTEL NA NAKALAWIT SA PAGKAKALATAG SA MESA.














# *Mga Damit na Panlakad*



Ang nasa gawing itaas, kaliwa, at ang nasa ibaba, kanan, ay si Claire Tiangco ng Kabite. Suot niya sa larawan sa itaas ang isang *eyelet* na damit na may bilog na leeg at manggas na *dolman*. Nilagyan din ng tatlong andana ng laso sa ibaba ng dibdib. Bulaklakang damit na nilagyan ng kombinasyong telang liso ang suot niya sa larawang nasa gawing kanan. Upang lalong gumanda ang pagkakayari ay kinabitan ng 4 na butones ang blusa, at sa palda naman ay magkatambal na *buckle*.

Dalawáng kasuotang yari sa mamahaling tela ang suot ni Lydia Golenia. "Chinese Cut" ang tabas ng nasa gitnang larawan at yari sa itim na bridal satin. Nilagyan din ng palamuting kulay puti ang dibdib upang mapalutang ang kagandahan ng tela. Isang damit-panggabi naman ang kanyang suot sa larawang nasa dulong kanan, itaas. Pelus (velvet) na itim ang tela, na nilagyan din ng kombinasyong puti (bridal satin). May mahabang kola ang damit at mapapansing sa halip na ang nakapalamuti ay ang puti, ang itim ay siyang inihugis sa kola.

*Makikita sa larawan ang yari nang kiskisan ni Castillo. Ito ay isa sa mga unang gawa niya. Bukod sa higit na malinis at higit na maputi, ay mataas pa ang uri ng darak na buhat sa gilingang ito ng palay na sa simula'y tinuklas upang ipangkiskis ng mais.*



KUNG tatanggap lamang ng mabuting pagtingin ng "malalaki" sa pamahalaan, dili kaya'y pamumuhunanan ng ilan sa ating mayayamang negosyante upang maipamahagi sa buong kapuluan, karamihan sa mabubuting imbensiyong Pilipino ay makatutulong nang malaki sa suliranin ng kapamuhayang-bansa sa hindi malayong hinaharap. Ang pag-angkat-angkat ng ano man, sa halimbawa, ay maiiwasan na, kungdi man lubusan nang maputol—bagay na siyang makapagpapatatag sa kabang-yaman ng ating bansa.

Isa sa mga mapapakikinabangang tuklas-Pilipino sa sangay ng makinarya na tumatawag ng pansin kamakailan pa hindi lamang sa mga kanayunan at kabayanan ng Nuweba Esiha kundi pati na sa mga kalapit-lalawigan, ay ang kiskisang sinimulang tuklasin ni Cosme Castillo ng Valdefuente, Lunsod ng Kabanatuan, noon pang 1927 nang siya'y makinista pa lamang ng kiskisang ari ni Pedro Reyes ng Buliran, ng lunsod ring nabanggit.

Tinuklas upang ipanggiling ng mais, ang aparato ni Castillo ay higit pang naging mabisa sa paggiling ng palay. Subali't hindi ang kinalabasang ito ng pagsubok ang nagpahanga noon sa mga nakasaksi. Ang hindi halos ibig paniwalaan noon ng marami ay kung paanong matutuklasan ang gayong kahalagang bagay ng isang taong umabot lamang sa ikalawang grado sa mababang paaralan.

Walang nalalaman sa matematika, hindi nagpaturo kaninuman ng pagmemekaniko, si Castillo ay nakalikha ng isang mahalagang ambag sa sariling siyensiya—katunayan ay ang mga kahigtan ng kanyang imbensiyon sa mga kiskisang inaangkat pa sa ibang bansa.

Bagaman maaasahan sa katipiran, taglay pa rin ang kataasang-uri ng tuklas ni Castillo. Liban sa panggiling, lahat ng piyesa ng kiskisan ay hindi na kailangang angkatin. Halos lahat ng bahagi ay yari sa mga bakal na **scrap** at tabla.

Ang simpleng disenyo nito

# ISANG IMBENSIYONG PILIPINO






ay isa lamang sa maraming kahigtan pa sa gilingang gawa sa Amerika, Hapon at Inglatera. Dahil sa kayarian ng aparato na sadyang iniangkop sa pangangailangan at hindi upang makakiskis lamang, ang bigas na lumalabas sa maliit na kono ni Castillo ay hindi na pagpapagurang linisin ni pilian upang maisaing. Bukod sa higit na malinis at higit na maputi ay mataas pa ang uri ng darak na buhat sa kiskisang ito. Sa makinang ito ay pinapagdaraan ang giling nang palay sa ilang uri ng "silid" na may iba't ibang laki at hugis, isa na rito ang silid ng mga **blower** na tagapagbukod sa darak, sungot, at tikitiki. Ang mga **blower** na ito ay may kanya-kanyang tasador upang mapag-awi-awi ang kailangang lakas.

Mula pa noong 1950 na sinulan ni Castillo ang pamamahagi ng kanyang imbensiyon sa buong lalawigan at karatig probinsiya, napatunayang mabuti nang kumiskis ay mabilis pa kaysa karaniwang yari sa isang bansa. Ang maliit na aparato ni Castillo ay nakagigiling ng mahigit pa sa 20 kaban sa isang oras, samantalang ang gawa sa Hapon at Inglatera, halimbawa, ay 16 lamang. Sa tuluyan ay nakagigiling ng 26,000 kabang palay ang kiskisang ito bago maghalili ng isang mahalagang piyesa na umaabot lamang sa ₱26.00; ang mga inaangkat ay kailangang halinhan ng piyesang nagkakahalaga ng ₱50.00 sa bawa't 1,000 kabang magiling.

Isang paglutas sa pangangailangan ang nagbunsod kay Castillo upang yumari ng ganitong uri ng kiskisan na lubhang lapat sa mga bansang ang pangunahing pagkain ay bigas. Sa gulang na 14 na taon si Cosme Castillo ay napilitang maging makinista ng kiskisan ni Pedro Reyes noong 1927; una, ay dahil sa kanilang kahirapan; at ikalawa, ay dahil sa kalikutan. (Nakalikutan ni Castillo na haluan ng tubig ang gasolina ng makina. Resulta: nasesante ang dating makinista.) Nguni't mula noong 1927 na baguhan pa lamang siyang makinista (at mekaniko pa, di nga kasi) hanggang noong 1930 ay binagabag si Castillo ng mga daing ng mga taong nagpapakiskis. Maipa, masungot at mahilaw ang kanilang giling. At kalahating kalding palay pa ang naiiwan sa kanilang aparato.

Tatlong taong naging laman ng isip ni Castillo ang bagay na iyon. Sa wakas, ang kasaguta'y dumating noong 1933. Ang kiskisang nabuo niya nang taong yaon ay nasa Mindoro ngayon, pag-aari ni Pedro Reyes, ang taong nagbigay ng pagkakataon kay Castillo hindi lamang upang maging makinista at mekaniko kundi maging isa pang imbentor.

Noon lamang 1950 naisipan ni Castillo na magbili ng tuklas niyang kiskisan. Si G. Santiago Gonzales ng Lunsod ng Kabanatuan ang una niyang parokyano. Sa ngayon, 1957, isa lamang si G. Rodrigo Paulino ng Sto. Domingo, Nuweba Esiha, sa maraming may pabilin kay Castillo.

Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa nananaog ang pasiya ng **Patent Office of the Philippines** hinggil sa kahilingan ni Cosme Castillo noon pang Oktubre, 1956 na ang plano ay ginuhit ni Inhinyero Eliseo Villaroman ng Laur, Nuweba Esiha. Subali't kung ito'y mahaharap lamang agad ng pamahalaan, malaki ang maitutulong sa ikauunlad ng ating kabuhayang pambansa.

—E. Max I. Leonardo

# HINDI HADLANG ANG KAPANSANAN...

*ni ARTURO MA. MISA*

**Ang Isang Tao Ay Hindi Kailangang Pumalaot Sa Larangan Ng Digmaan Upang Siya'y Maging Isang Bayani**

KUNG sadyang nanaisin, ang kapansanan ng isang tao ay hindi nagiging hadlang upang maisakatuparan ang kanyang dakilang layunin sa buhay. Isa sa magandang halimbawa ay si Apolonario Mabini, na sa kabila ng kanyang pagiging isang lumpo ay buong giting na nakipagbaka sa kanyang sakit upang maihandog ang sarili sa paglilingkod sa kanyang bayan.

Si Apolinario Mabini o si Pule, gaya ng tawag sa kanya ng kanyang mga kaibigan ay kilala na ng mga Pilipino. Subali't bihira marahil ang nakababatid na ang karamdaman ni Pule ay siyang naging bunga ng malabis na pagmamahal niya sa mga hayop. Dapat mabatid na mula pa sa kanyang pagkabata ay naging likas na iyon sa kanya. Sa kanilang tahanan sa Tanauan ay marami siyang alagang mga pusa. Siya ang nagpapakain sa mga hayop na iyon. Kung sa kanyang mga alaga ay may nasasaktan ay kinagagalitan niya ang kanyang mga kapatid sa paghihinalang ang mga ito ang nagmalupit sa hayop. Pati ang oras ng pagkain ay nakakaligtaan na rin niya kung minsan dahil lamang sa kanyang mga pusa.

Kung mga araw na walang pasok, si Pule ang nagpapastol ng kanilang mga kalabaw sa bukid. Sa kanyang pamamastol ay hindi niya kinaliligtaang dalhin ang tirador na siya ang gumawa. Bago umuwi sa kanilang bahay sa hapon, itinatali muna ni Pule sa lilim ng isang malabay na punongkahoy ang mga kalabaw na alaga at siya'y kasama ng kanyang mga kapuwa-bata na naninirador ng mga ibon sa bukid. Ito ay nakagawian na niya sa tuwing siya'y magpapastol ng mga kalabaw. Dahil sa pag-uugaling iyon at sa malimit na di niya pag-uwi sa takdang oras ay madalas tuloy siyang makagalitan ng kanyang ama.

Ang malabis na pagkagiliw ni Pule sa mga hayop ay tinaglay niya hanggang sa magbinata. Maging sa Maynila, nang siya ay tumutuklas ng karunungan sa pagkamananggol sa Universidad ng Santo Tomas, at hanggang sa maging isang ganap nang abogado, ay hindi rin niya kinaliligtaan ang pag-aalaga ng mga hayop. Sa kanilang bahay sa Nagtahan, Sampalok ay gumawa si Pule ng isang maliit na kuwadra para sa kanyang mga alagang kabayo na mula pa sa kanilang bayan sa Batangas. Sa kanyang mga alaga ay labis na napamahal sa kanya ang isang kabayong puti sapagka't magilas at mabilis pang tumakbo. Dahil sa kabayong iyon kung kaya nalumpo si Pule.

Isang gabi, samantalang nakahiga si Pule sa kanyang katre, ay bigla na lamang siyang pinukaw ng pagkakaingay ng kanilang mga kalapit-bahay. Ipinagsisigawan ng mga iyon na ang kanyang si Puti'y nakawala sa kuwadra. Maliksing bumangon si Pule at nagtungo sa durungawan. Nakita niyang tumatakbong palayo sa kanilang bahay si Puti.

Dali-daling hinubad ni Pule ang kanyang damit na pantulog at nagpalit ng damit na panlakad. Nang makita siya ng kanyang ama ay itinanong kung saan siya pupunta.

—Huhulihin ko po si Puti, pagka't nakalabas sa kuwadra, —sagot ni Pule.

—Ipagpabukas mo na ang paghuli sa iyong kabayo. Hindi mo ba nakikita at kay-lakas ng buhos ng ulan. Baka magkasakit ka tuloy ay lalong mahirap! —pagunita ng matandang lalaki.

—Mahirap na po iyon. Baka mahuli ng mga guwardiya-sibil si Puti ay mapahamak tuloy ang aking buhay...

Pagkasabi niyon ay nagmamadali nang nanaog at hindi na pinakinggan ang iba pang sinasabi ng ama. Sinundan ni Pule, ang bakas na dinaanan ni Puti. Hindi naman nagtagal at ito ay kanyang nahuli. Nang siya'y magbalik sa kanilang bahay ay basang-basa ang buo niyang katawan. Nakaramdam siya ng pangigikig, at siya'y nagbalik sa kanyang higaan.

Kinaumagahan ay namangha si Pule nang maramdaman niyang nananakit ang kanyang buong katawan. Pagkatapos ay nakadama siya ng kakaibang pakiramdam sa kanyang dalawang paa. Hindi siya nag-aksaya ng panahon at noon din ay nagpakonsulta siya sa isang matandang hindi kalayuan sa kanila ang bahay. Batid ni Pule na ang matandang iyon ay marami nang napagaling na gayong mga uri ng sakit.

Matapos masuri ng matanda ang katawan ni Pule at itanong sa kanya kung ano ang kanyang nararamdaman ay sinabing walang ano man ang kanyang sakit. Sinabing rayuma lamang dahil sa pagkabasa nang gabing sinundan, kaya nanakit ang kanyang mga buto at laman.

—Ang maipapayo ko sa iyo ay magpunas ka ng langis ng niyog, tuwing umaga, sa masasakit na bahagi ng iyong katawan. Makikita mo't makalipas lamang ang ilan araw ay agad nang mawawala ang pananakit na iyan.


Sinunod ni Pule ang payo ng matandang babae. Tuwing umaga, bago mag-almusal, ay nagpupunas siya ng langis ng niyog sa mga nananakit na bahagi ng kanyang katawan. Nguni't ang ipinagtataka ng binata ay lalong tumitindi ang pananakit ng kanyang mga buto at kalamnan ng paa habang nagtatagal.

Nang maka-isang linggo nang husto ang kanyang paggagamot ay biglang-biglang hindi na lamang niya naigalaw ang kaliwa niyang paa nang siya ay magising. At kinahapunan ng araw ding iyon ay ang kanang paa naman niya ang hindi niya maikilos. Sa pangyayaring ito ay walang magawa si Pule kundi ang manalangin.

Sa gitna ng kanyang mga kalungkutan ay lagi siyang inaaliw ng kanyang mga kapatid. Laging sinasabi ng mga iyon na darating ang ang araw na siya'y muling makalalakad. Si Prudencio, isa sa kanyang mga kapaitd, ay gumawa ng dalawang gabay na kawayan sa silid ni Pule. Sinabi pa ni Prudencio na sa pamamagitan ng pageensayo sa dalawang kawayang iyon tuwing umaga ay mapanunumbalik ni Pule ang pakiramdam ng kanyang dalawang paa.

Tuwing umaga ay tinutupad ni Pule ang bilin sa kanya ng kapatid. Sa kanyang pag-eensayo ay sinasarhan niya ang lahat ng bintana sa kanyang

*(Sundan sa pahina 27)*



*Ang "Mabini Shrine" na siyang kinalalagakan ng mga buto ni Apolinario Mabini sa nayon ng Talaga, Tanauan, Batangas. Sa dalawang tanging silid nito nakalagay ang mga alaala ng bayani.*

*Lawaran ng dakilang bayani noong siya ay isa nang lumpo sa kanyang tahanan sa Nagtahan. Ito ang kahuli-hulihang larawang naiwan ni Mabini bilang alaala sa kanyang pinakamamahal na bayan.*



## Pangkabataan
# "ITO ANG AKING AKDA"

** KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito ang "unang bunga ng inyong panitik" at... abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay", Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

Tandaan: huwag kukulangin sa kalahati (½) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking patlang (space).

Ang bawa't akda ay kailangang lakipan ng kupong nasa ibaba. Maaaring magpadala ng kahit ilang akda kailanpama't ang bawa't isa ay may kasamang kupon, alalaong baga, kung dalawang akda ay dalawang kupon, at kung tatlong akda ay tatlo ring kupon. Ang akdang walang kalakip na kupon ay hindi isasaalang-alang.

Ipadala ang inyong akda, sa: **Pitak ng "ITO ANG AKING AKDA", Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.**

## ANG LIHIM

SIMULA nang ako'y mapasok na kaminero sa aming nayon ay napupuna kong may malaking pagkakaiba ang pagtingin sa akin ng aming kapatas na si Mr. Jose kaysa aking mga kasamahan. Mahuli lamang ako ng ilang saglit ay kinagagalitan na ako ng aming kapatas. Lagi akong binubulyawan kahit na hindi ako naglulubay sa pagtitipak ng malalaking bato, gayong ang aking mga kasamaha'y lagi na sa ilalim ng punong-kahoy at nakatukod ang dalawang kamay sa piko. Ako ang laging inuutusan sa pagbubuhat ng malalaking tipak ng bato. At kapag nag-uuwian na kami sa hapon ay sa akin iniaatang ang gawaing pagliligpit ng mga pikong gamit sa aming gawain. Maging sa pagsasanuran ay lagi na lamang akong inihuhuli.

"Wala ba kayong gatasan?" minsa'y naitanong sa akin ng kasamahan kong si Idong.

"Wala," mabilis kong tugon. "Bakit?"

"Manukan, wala rin ba kayo?" muli niyang tanong at ako'y matagal na tinitigan nang makahulugan.

"Wala rin. Bakit nga ba?" usisa ko sa hangad na matalos kung bakit tinatanong niya ako ng gayon.

"Kung wala kayong gatasang kalabaw o manukan na maaari mong mapagdilihensiyahan ng kahit man lamang sangdosenang itlog, natitiyak kong sa habang panahon ay ganyan ka na lamang," wika ni Idong.

"Bakit naman, Idong? Ano ang kaugnayan ng kalabaw na gatasan at mga itlog ng manok sa aking kalagayan?"




buong pagtataka kong tanong pagka't di ko maunawaan ang hiwaga ng kanyang mga pinagsasabi.

"Talagang bago ka pa nga sa gawaing ito. Nakikita mo ba ang malaking bayong na dala-dala ko sa tuwing papasok? Doon ko inilalagay ang pra-praskong gatas na siya kong inireregalo kay Mr. Jose. Kaya naman kahit na ako hindi pumapasok ay 'present' din ako sa ating 'payroll'."

"Naku, siyanga ba!" nakangunot-noo kong nasabi. "Talaga bang ganoon dito? Hindi ko alam..."

"Ikaw ba nama'y ngayon lang sa buhay na ito? Kulang na kulang ka pa nga sa eksperyensiya, Karyo. Subukin mo ang aking payo. Subukin mo..."

Gayon nga ang ginawa ko. Kinagabiha'y nagsadya ako kina ka-Berang at bumili ako ng isang dosenang itlog. Maaga-aga pa kinabukasan ay isinagsag ko na iyon sa bahay ng kapatas naming si Mr. Jose. Ayaw kunin ni Mr. Jose ang aking dalang itlog. Nguni't ipinilit ko. Sa kalauna'y tinanggap din.

Nang pumasok ako nang araw na iyon ay hindi na ako binulyawan ng aming kapatas. Hindi na ako laging tinitingnan sa gawain. At hindi na rin ako pinag-uutusan. Sa halip na sa akin iutos ang pagtatago ng mga piko ay sa isang bagong tanggap na kasama namin iyon itinalaga.

Simula noon, tuwing magtatapos ang linggo ay nagtutungo ako sa bahay ng aming kapatas at dinadalhan ko siya ng kahit na anong bagay na tulad ng manok at gatas, at kung minsa'y ibinibili ko pa siya ng mahal na sigarilyong "Chester". Kaya naman mula noon, hindi na niya ako pinahihirapan sa gawain. At nang minsang hindi ako pumasok ay inilistang "present" din ako sa aming "payroll".

—ANTONIO C. DABU
212 Bufnay
Kalookan, Rizal

## PAGKAKAIBA

*Sa ganda ng isang mapanuksong dilag*
*Na nasalubong ko sa gitna ng landas,*
*Sumubaybay akong umaasang tiyak,*
*May kakamting langit ang aking pagliyag.*

*Ang pinanananganan ng pagsintang labis*
*Tao'y pantay-pantay sa ngalang pag-ibig;*
*Mahirap man ako't isang magbubukid,*
*Ay maaangkin din ang ibang daigdig.*

*Subali't nang ako'y dustain, tawanan,*
*Turulin, surutin itong pinagmulan;*
*Saka ko naisip ang mali kong hakbang*
*Na may itinurong isang gintong aral...*

*"Saldmat," ang akin tuloy na nawika,*
*"At nakilala mong ako pala'y dukha;*
*Subali't kung hindi sa ganitong mukha,*
*Ang mukhang maganda'y hindi mahalata!"*

*(Ngayon ko naisip: may moog nga pala*
*Na nakapagitan sa aming dalawa)*

—RICARDO F. SUPAN
San Nicolas
Gapan, Nuweba Esiha

## KABUTIHAN...

*(Buhat sa pahina 7)*

"Pararatangan nila akong muling nakikitalamitam sa mga tulisan. Sasabihin nilang isa na namang **palabas** ito. Gayon man, hindi ko iniintindi ang mga tulgisa," sabi umano ni RM. "Nais kong makatulong sa kalagayan ng **naliligaw** na tulisan. Bagaman waring walang halaga kung ihahambing sa maraming suliranin ng bansa, ito'y nakababagabag sa akin pagka't maliliit ang bumubuo sa malalaki, at ito ang isa sa maliliit na bagay na ibig kong matapos."

Pagkaraan ng ilang araw ay nagtungo sa Malakanyang si Manicio, kasama ang mga kaanak. At malugod na sumalubong sa kanila si RM. Nakipag-agahan. Inilibot sila sa palasyo, binigyan ng pagkain, salapi, damit at isang di-malilimot na karanasan.

Katulad ng magiliw na pagtingin kay Manicio ay inalagata ni RM ang kagalingan ng mga tulisang Moro.

"Gusto kong maakit silang pasakop sa pamahalaan at mamuhay nang mapayapa sa mga pamahayang ibibigay ng Pangasiwaang ito," ani RM.

Iyon ay ipinagtapat din ng "Kampeon ng Mahihirap" sa isa ng delegasyon ng mga Morong pinangunahan ni Prinsesa Bai Matabay Piang ng Kotabato na humiling ng karagdagang gugulin at lupaing-bayan sa pagpapalaki ng **Mindanao Institute of Technology.**

Nakatawag ng pansin ni RM ang pangyayaring kasama sa delegasyon si Takukong Ike, naging kilabot na puno ng mga tulisan, na sumuko may ilang taon na ang nakalilipas — noong Kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa si RM. Kay RM, si Ike, na isang maunlad nang magsasaka, ay halimbawa ng kanyang mga layunin.

At upang mailigtas ang mga mamamayan sa mapaminsalang propaganda ng munting lipunan ng di-nasisiyahang mga Huk at tulisan ay itinaguyod ni RM ang palatuntunan ng pamahalaan sa pagpapaunlad sa mga nayon, lalo na sa mga purok na dating "pugad" ng mga mapanligalig.

Naging matagumpay ang "Kilusang Katubusan" sa pagbabagong-tatag sa mga nayon sa Pampangga, na iniwan ng mga mamamayan dahil sa panliligalig ng mga Huk, kaya ipinahayag ni Abdon Taruc, tininti del baryo ng Santa Monica, San Luis, sa paggunita sa araw ng pagsilang ni RM noong 1954:

"Ang ihahandog namin sa kanya'y ang aming mga puso at kamay sa mabungang paggawa — ang aming bagong buhay na nakalaan sa kapayapaan."

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ........................................
..................................................

Pangalan: ..................................................
.................................... Edad: ........

Tirahan o paaralan: ........................................
..................................................

pakikipanayam (daw)
ni MARIO NIEVES

# "MAINAM ANG KOTSE, NGUNI'T HINDI NAISASAING O NAIHAHALO SA KAPE"



NAUPO SA hapag-kainan si Mang Busyong. Kung ilang ulit siyang sumubo. Pagkatapos ay tumayo na. Hindi dating ganoon si Mang Busyong. Dati'y napakatagal niyang kumain. Dati'y nakikipagpaligsahan siya sa pinakamalakas kumain sa kanilang paligid.

Marahil ay may sakit siya. O kaya'y nakagalitan ng kanyang boss sa pinapasukang upisina. Baka naman kaya nagtanan ang anak niyang dalaga. Nguni't kung sa gayong mga bagay lamang ay hindi siya mababagabag. Siguro... talagang hindi siya makakain. Bakit kaya?

Kailangang makapag-usisa, makipanayam (daw):

**T. May sakit po ba kayo?**
S. Iniinsulto mo ba ako! Pag gutom ako'y...
**T. Kayo, gutom?**
S. At sino ang hindi magugutom sa kaunting kanin na kinain ko.
**T. Bakit po hindi kayo kumain nang marami?**
S. Sapagka't, iho, walá akong makakaing marami.
**T. Bakit po?**
S. Dahil sa kakaunti ang sinaing ng misis ko.
**T. Bakit po kakaunti?**
S. Kasi, hindi siya makabili nang marami-rami. Naku, napakamahal ng bigas ngayon!
**T. Magkano po ang isang salop?**
S. Ang dating nagkakahalaga ng nubenta ay uno-trenta na ngayon.
**T. Halos kalahati po ang itinaas?**
S. Hindi ka dapat magtaka. Panahon ngayon ng pagtaas ng halaga ng mga bilihin.
**T. Anong bilihin pa po ba ang namahal?**
S. Matunog na matunog ngayon iyang asukal. Hindi lang kalahati ng halaga ang itinaas. Doble ang halaga ngayon.
**T. Kung namahal din po ang asukal ay malamang na uminom tayo ng matabang na kape, hindi po ba?**
S. Iyan nga ang ikinasusuya ko, e.
**T. Ang matabang pong kape?**
S. Hindi; ang pagmahal ng asukal. Dahil sa nadoble ang halaga at husto lamang para sa dating halaga ang pambili ng misis ko, hindi kami nagkape kanginang umaga.
**T. At iyan po ang ikinasuya ninyo?**
S. Hindi lamang iyan. Nang makita mo akong sumubo nang kaunti, ipinasiya kong uminom na lamang ng kape.
**T. At nabigo na naman kayo?**
S. Tama. Sapagka't wala nga kaming asukal.
**T. E, bakit po kaya namamahal ang mga bilihin ngayon?**
S. Siguro'y inaakala ng mga prodyuser na mayaman na tayong mga Pilipino.
**T. Bakit po ninyo nasabi iyan?**
S. Iyan ang hula ko. Nakikita nilang naglipana na ngayon ang mga kotse.
**T. Aba, ano po ang kinalaman ng mga kotse sa pagtatakda nila ng halaga ng bigas at asukal?**
S. Ang ibinibigay na halaga ng mga prodyuser ay medyo nahahawig sa halaga ng mga kotse. At alam nilang hindi tatanggi ang mga de-kotseng iyon sa pagbili ng mahal na asukal.
**T. Hindi po tatanggi?**
S. Paano nga makatatanggi, e, wala silang maisasaing o magagamit na matamis. Hindi naisasaing o naihahalo sa kape ang kotse.
**T. Kung gayon po'y bumibili rin ang mga de-kotse kahit napakamahal ng halaga ng mga bilihin?**
S. Natural! Kaya naman nila, e.
**T. Hindi po kaya nagkamali ng sikolohiya ang mga prodyuser sa pagtataas nila ng halaga?**
S. Sa palagay ko'y maling-mali sila. Marahil, inisip nila na lahat ng mga Pilipino ay de-kotse.
**T. Mahirap mangyari ano po?**
S. Oo, nguni't lalo pang mahirap ang nangyayari ngayon: wala nang kotse, wala pang bigas at asukal.
**T. Mga prodyuser po kayang talaga ang dapat buntunan ng sisi?**
S. Kung minsan ay naiisip kong hindi sila lamang dahil sa hindi naman sila ang tuwirang nagbibili ng mga kailangan natin.
**T. Kung gayon po'y maaaring ang mga humahango sa kanila nang biglaan at tingian?**
S. Sila nga... silang mapagsamantala... silang mapang-ipit...
**T. Paano po tayo iniipit?**
S. Pababayaan muna nila ang mabubuting manininda na magbili sa tamang halaga. Pagkaubos ng mga ipinagbibili niyon ay panahon naman ng kanilang pagkilos. Nguni't katulad ng bagyo, doble-doble ang tinatangay nilang pera sa atin, kaya tayo ang nasasalanta.
**T. Tungkulin ng pamahalaan ang pagtulong sa mga salantang tulad natin, ano po?**
S. Kung sabagay. At tumutulong naman sila. Pipigilin nga raw ang mga ipadadala natin sa ibang bansa. Pero ang epekto... mababawasan naman ang kikitain ng ating bayan.
**T. Kailan po kaya maaayos ang mga bagay-bagay?**
S. Aywan ko. Ang masasabi ko'y hindi ko matitiis na kumain nang kakaunti gayong hindi naman masasabing mahirap ang bayan natin.
**T. Mabalik po tayo sa mga kotse: magamit po kaya iyon sa paghahatid sa atin ng ating mga pangangailangan?**
S. Matalinghaga kang magtanong. Sa iyo ko lamang ito sasabihin: duda ako sa kilos ng ating mga pinuno. De-kotse rin sila. Isa pa, ngayon ay panahon ng eleksiyon.
**T. Ano po ang ibig ninyong sabihin?**
S. Na, kapag tinulungan nila tayo, dapat din tayong tumulong sa kanila.
**T. E, ano po ngayon ang inyong pasiya?**
S. Ewan ko. Ayoko munang mag-isip. Nagugutom ako. Kailangan ko pang kumain... Bigas... Asukal...



(Ika-2 Labas)

# Espanyola



KANGINANG MAKABABA siya sa karwahe't makita ang mga taong nangakatanghod sa pagkakatingin sa kanya ay sinagilahan siya ng pagkatakot. Pawang pangit ang mga mukhang walang kagalaw-galaw ang pagkakatitig sa kanya ng maiitim na mga mata; nagsisipanlimahid at nagingintab ang kasingkulay ng lupang mga mukha. Papaanong nabubuhay, nakakakain at nakatatawa ang kanyang Papa sa gitna ng gayong uri ng tao? Sa gitna ng mga **Indiong** yaon?

—Mga kasama! —Nagulat siyang nang magsalita ang kanyang Papa; nguni, wala siyang naunawaan sa sinabi nito. —Mga kasama... ipinakikilala ko sa inyo ang aking anak — si Montserrat.

Pangalan lamang niya ang kanyang nahiwatigan. Kaipala, naisaloob niya, ay ipinakikilala siya ng kanyang Papa.

Isang bahagi sa hanay ng mga tao ang nagbigay puwang sa pagdaraan ng isang babae. Maayos ang kasuotan ng babae, subali't walang kaibhan ang mukha niyon sa nakalipumpong karamihan. Isang kuwintas ng maliliit na puting bulaklak ang hawak ng babae. At nang dumating iyon sa kanyang harapan ay bahagyang yumukod. Nagsalita iyon. Wala siyang naintindihan.

—Maligayang pagdating daw, iha, —anang kanyang Papa sa wikang Espanyol. —Yumukod ka at sasabitan ka niya ng kuwintas ng sampagita.

Kung hindi sa amuki ng kanyang Papa'y hindi niya tutulutang sabitan siya ng bulaklak. Gayunman pinakaingatan niyang masaling siya ng babae.

—Iyan ang iyong bagong tahanan, iha.

Minalas niya ang itinuro ng kanyang ama. Isang malaking karatula ang nasa ulunan ng pintuan ng bakuran! **Villa Montserrat.** Sa gitna ng malawak na halamanan ay isang malaking tahanan ang nakatayo na kasingtaas at kasingganda ng Villa ni Don Sebastian Angulo sa Madrid.

Iyon ang kanyang magiging tahanan mula ngayon. Subali't ang alaala ng mga mukhang sumalubong sa pagbaba niya sa karwahe'y nagbabala ng takot sa kanyang puso. Sa Madrid pa lamang ay kinatatakutan na niya ang paglunsad sa Pilipinas. Wala siyang tiwala sa mga "Indio", gaya ng kawalang tiwala dito ng kanyang mga kaibigan at kamaganakang naghatid sa kanya sa bapor "Sta. Isabela". At hindi nagkamali ang kanyang mga kaibigan at kamag-anakan. Nagbabala wari ang mga mukhang yaon, ang mga matang walang kurap na nakapako sa kanya at mandi'y matahimik na nag-uusig.

—Naghihintay ang mga panauhin... —untag ng kanyang Papa.

Nang tunguhin nila ang pintuan ng Villa Montserrat sa saliw ng huling bahagi ng "La Marcha Real de Española" ay waring tumutugpa siya sa isang landas na nangangailangan ng pag-iingat. At noon pa'y nasa puso na ni Montserrat ang gagawing pag-iingat sa pakikiharap sa mga "Indio".

---

—BAKIT KA umalis doon?

Inalis ni Angelito sa kanyang tingin sa malawak na palayan at nilingon si Teresa. Ulo lamang niya ang kanyang iginalaw; nanatiling nakapaloob ang isang kamay sa puno ng manggang kanilang sinisilungan sa nakapapaso nang sikat ng araw.

—Maganda siya, hindi ba? —Tanong uli ng dalagita. —Ngu-nguni't tila aristokrata. Ni hindi man lamang ngumiti.

Naninira kaya si Teresa? Naninibugho? Ibig ni Angelitong tumawa — pagtawanan ang ipinahihiwatig na damdamin ng pangungusap ni Teresa. Papaano siyang hahanga sa anak ni Don Alfonso? Papaano siyang... makaiibig doon? Pag-ibig nga kaya ang nadama niya kangina? Kung nakakita ka ng isang babaing sa unang tingin mo lamang ay nagandahan ka, at, halimbawang ang pagkakatingin mo doo'y higit pang maganda kaysa dati mong kakilala, iniibig mo kaya iyon? Iniibig kaya niya ang dalagitang Espanyola? Umiibig nga kaya siya, ngayon? At, ano ang kanyang nadarama nang mga nakaraang araw, ukol kay Teresa?

—Hindi mo na ako sinagot.

—Nag-iisip ako... —Ayaw niyang maging matamlay ang kanyang sagot, nguni't matamlay ang tinig na namulanggos sa kanyang mga labi.

—Hindi ka kamukha ng Tatang mo.

—Ha? Hindi kamukhang paano?

—Ibig ko bang sabihi'y palakibo ang Tatang mo, nguni't ikaw ay hindi — palaisip ka. Magkaiba kayo.

Talagang magkaiba sila ng ugali ng kanyang Tatang. Palabati kaninuman ang kanyang Tatang. Palasimba at madasalin ang kanyang Tatang. Walang araw na hindi nagsasadya sa kumbento ang kanyang Tatang.

Sa ganang kanya'y hindi masamang maging relihiyoso ang isang tao. Lalong hindi masama ang makipagkapuwa-tao, ang maging palabati. Subali't bawa't bagay ay may sukatan. Kahi't anong bagay na umaapaw sa salop ay kinakailangang kalusin. Araw-araw na ginawa ng Diyos ay nagtutungo sa kumbento ang kanyang Tatang, nakikipagkita kay Padre Francisco; at, nagbibigay ng ganitu't ganoon —na, waring ang simbahan ay isang kabang-yaman na maya't maya'y kailangang hulugan ng kusing. Danga't ang anak ay hindi makapag-uutos sa ama. Laging hinihingi ng katungkulan ng tao ang pagsunod ng anak sa ama; at, siya'y tagasunod lamang sa batas ng kanyang Tatang. Labag man sa kanyang kaloobang sumunod.

Malaking-malaki ang kaibhan niya sa kanyang Tatang. Kung nasisiyahan na ang kanyang Tatang sa kalagayang nasasakop ng Kastila'y hindi siya nasisiyahan. Kung nalalaman lamang ng kanyang Tatang ang kanilang kalagayang 'ika nga ni Kumandante Bahaghari'y "parang kalabaw na natatalian sa nguso't kung ibig patayin ay basta hinihila sa matadero"!

Naudlot ang pag-iisip ni Angelito nang matanaw na papalapit si Maestrong Tino. Nakabarong-tagalog at pantalong lanang itim ang guro ng kabataan sa Santa Lucia. Malayung-malayo ang anyo ng matandang guro sa dati nitong kalagayang nakasalawal ng kundiman at kamisetang tagpi-tagpi. Sa maayos na pananamit ay nagmukhang bata si Maestrong Tino.

—O, nakahanda na ba kayo niyan? Malapit nang magsimula ang palatuntunan, —bati ng matanda sa dalawa.

—Hindi ko agad kayo nakilala, Maestrong Tino.

—Itong batang ito! Ang inang mo?

—Naroon po't tumutulong kina Aling Idad.

—At, kumusta ang anak ng Kabesa?

—Nag-iisip na naman ho, —sunggab ni Teresa, na, ikinasulyap dito ng binatilyo.

—Ang iniisip ko ho'y mayroon pala kayong itinatago, Maestrong Tino. —Ngumiti si Angelito.

—Itinatagong ano?

—Na, kayo, 'ika ko sa sarili ay makisig pala.

—Ang mga damuhong ito! Oy, oy, magsipunta na kayo roon at baka hanggang mamaya'y malantakan ko kayo ng palo!

Nagtatawang tinungo ng dalawa ang pagdarausan ng palatuntunan. Naiwang nakatingin si Maestrong Tino kina Angelito at Teresa, na binubulaybulay ang di matutulutang katotohanan. Sina Angelito at Teresa ay nasa panahong kabataan; ng kasiglahan. Isang munting ningas na patumpa sa paglalagablab — na, ibig dilaan pati ang langit, ang kalawakan. Isang munting ningas na pagkatapos maglagablab, ay unti-unting huhupa, mawawalan ng init at mamamatay.

Ang mga batang yaon, sina Angelito at Teresa, balang araw ay magiging apoy — maglalagablab... at huhupa. Kaipala'y hindi na niya masasaksihan ang mga araw na yaon. Abo na siya ng ningas,

na masasabog sa pisngi ng lupa.

At, kailan lamang, naisip ni Maestrong Tino, ay maligayang-maligaya sila ni Enyang, —tulad nina Angelito at Teresa. Ngayon, si Enyang ay abo na lamang. Datapwa, hindi masasaboy sa pisngi ng lupa ang abo ni Enyang. Sa kanyang puso'y may sariling pitak na pinaglagakan siya ng abo ni Enyang.

PAGKAPANHIK NILA ng kanyang Papa'y sumalubong sa kanila ang maraming lalaking hindi pa niya nakikita kailanman. Binati siya sa kanyang pagdating sa Villa Montserrat, sa Pilipinas. Sinasabi ng kanyang Papa ang pangalan ng bawa't lumapit sa kanya.

Si Kapitan Juan Magno Ruiz —at ilalahad niya ang kanyang palad upang hagkan ng Kapitan. —Si Gobernador Julio Buenviaje Cerezo..., — iialahad uli niya ang kanyang palad. —Si Tenyente Antonio Salumbides Bruno..., —At, sa bawa't lumapit ay inilalahad niya ang kanyang pala, alam niyang ang nangagsisibati sa kain si Montserrat. Sa tanang buhay niya'y noon lamang siya nakadulog sa hapag na tulad ng isang prinsesa. Nasa kabisera siya na katapat ng isang lalaking anang kanyang Papa'y nagngangalang Gobernador Heneral Ramon Blanco, ang Gobernador-Heneral sa Pilipinas. Kung nakikita lamang siya ng kanyang mga kaibigan sa Madrid!

At, pagkatapos ng pananghalian ay inakay siya ng kanyang Papa sa hardin. Isa raw palatuntunan ang idaraos. Doon, alam niya'y magkakaroon ng awitan, sayawan at kung ano-anong pagtatanghal. Sa eskuwelahan sa Madrid ay nagdaraos din siya ng palatuntunan kung may kasayahan sa paaralan. Di-miminsan siyang nakalahok sa pagtatanghal.

May sadyang luklukan para sa kanya sa harding pagtatanghalan, katabi ng kanyang Papa, ng Gobernador-Heneral ng mga maharlikang panauhing inanyayahan. Kung iisipin niyang ang lahat ng yao'y alay sa kanya! Si Maria Luisa ay hindi pa nahahandugan ng ganoong pagtitipon. O, kahi't

## *ni R. E. BAUTISTA*

### Isang Makapangyarihang Damdamin Ang Nag-uutos Kay Montserrat Na Tumingin Sa Binatilyong "Indio"

kanya'y pawang kabalat niya at siya'y buong-pusong nagpapasalamat at ngumingiti.

Inilibot ni Montserrat ang paningin sa kabuuan ng salas. Isang salas sa isang palasyo ang kanyang kinaroroonan — at, kanila ang palasyong iyon, kanya. Punung-puno ng panauhin ang buong salas. May mga lalaking nakauniporme. May mga lalaking itiman ang kasuotan, tulad ng kanyang Papa. Ang mga babai'y nakabistida ang iba at ang iba'y nakabaru't saya. Bawa't isa'y makisig at maganda sa kani-kanilang kasuotan. Minsang humalakhak ang mga lalaki na sinusundan ng matitinis na tawa ng mga babae. Maraming may hawak na kopita ng alak. Matagal na napako sa pagkakatayo si Montserrat sa gitna ng bulwagan, nakatingin lamang sa balana ay waring pinagsasawa ang paningin sa bagong daigdig na noon lamang nasaksihan.

Sa hapag-kainang kinapapatungan ng mga bandehadong kinalalagyan ng sari-saring ulam ay bahagya nang nakana si Nina. Kahit sinoman sa kanyang mga kaibigan sa Madrid.

Umupo siya at minalas ang kalaganapan ng harding pagtatanghalan. Pabilog na nakahanay ang lahat, at sa gitna'y isang lalaking nakataas ang mga kamay ang nagsasalita sa wikang espanyol.

—Mga kaibigan... sandali lamang, mga kaibigan... — biglang-biglang natigil ang sari-saring ingay at ang bawa't paningin ay tumuon sa lalaking nagsasalita. —Nais kong sa pagkakataong ito'y batiin ang mutyang anak ni Sr. Don Alfonso Noriel sa kanyang pagdating... at tuloy ihandog sa kanya ang palatuntunang itatanghal ng nangaritong tulad ko'y nakikigalak at bumabati kay Senyorita Montserrat Noriel ng isang... MALIGAYANG PAGDATING!

Parang iisang tinig na sumunod ang kalahatan:

—MABUHAY!... VIVA!

Muling pumagitna ang lala-

*(Sundan sa pahina 31)*

# Mag-MADYIK Tayo


ni BA ARYO

## SIGARILYO BUHAT SA HANGIN

KUNG MINSAN, ang hangin ay may pakinabang din. Ito'y patunayan ninyo sa inyong mga kaibigan. Ipagmalaki ninyong nagbibigay sa inyo ng sigarilyo ang hangin. Lamang, kayo pa ang kailangang yumari ng sigarilyo buhat sa mga sangkap na bumubuo rito.

Walang hawak sa kamay, kumilos kayong parang kumukuha ng pikadura sa hangin, pagkatapos ay ng papel na paglalagyan ng pikadura. Sumunod ay umarte naman kayong parang nagbibilot na ng sigarilyo, na ang pikadura ay ipinaloloob sa papel. Pagkayari ay isubo ninyo kunwa ang sigarilyo.

Kumuha kayo ng posporo (taiagang posporo), magsindi, at ilapit ang may sinding palito sa "sigarilyong" nasa bibig ninyo. Presto! Makikita ng mga kaibigan ninyong may nakasindi ngang sigarilyo sa inyong bibig na niyari buhat sa hangin.




Kung paano ninyo ito magagawa:

Talagang walang sigarilyo o mga sangkap ng sigarilyo sa hangin. Ang tunay na sikreto ay nasasa kaha ng posporo.

Bago magpakita ng madyik, may nakahanda na kayong pinasadyang kaha ng posporo. Ito'y nakabukas sa kalahatian.

Ganito ang pagkakayari: Butasan ang magkabilang dulo ng pinakakaha ng posporo sa malapit sa dakong ibaba. Singitan ang mga butas ng isang matigas na karton upang lumikha ng isang lusutan. (Ingatang huwag lumabas sa butas ang dulo ng karton.)

Sa malilikhang lusutan ay maglagay kayo ng isang sigarilyo na ang isang dulo'y nakalabas sa butas na natatakpan ng kaha at ang isang dulo'y kapantay ng nakalabas na dulo ng lusutan. Punuin ng mga palito ang kaha ng posporo upang matakpan ang lusutang karton at ang sigarilyo.

PAGKATAPOS ng inyong mga "arte" sa tulong ng hangin, kukunin ninyo ang kaha ng posporo na nakabukas sa kaliwang kamay, magsindi ng isang palito.

Sabay na ilapit ang inyong kanan at kaliwang kamay sa inyong bibig upang "sindihan" ang sigarilyo (na sa sandaling ito'y hindi pa lumilitaw).

Mabilis ninyong isara ang kaha ng posporo, na ang isang kaliwang daliri ay ibinabara sa dulo ng sigarilyong natatago. Sa ganitong paraan, ialabas sa kabilang dulo ng kaha ang sigarilyo. Sapuhin ito ng inyong bibig, at sindihan.

Maikling payo: Hanggang maaari'y gawing parang natural ang pagkuha ninyo ng mga kasangkapang buhat sa hangin at ang paggawa ng sigarilyo. Ingatan ding hindi masilayan ang panggagalingan ng tunay na sigarilyo.

(Ika-11 Labas)

NANG makababa ng auto si Maria Luisa ay masayang niyakap niya ang sumalubong na pamangkin. Mula sa bahay ay dumating naman si Susana. Bumitiw sa pamangkin si Maria Luisa at nagbatian sila ni Susana ng halik sa pisngi.

—Inip na inip na sa iyo si Rafael, — pabirong wika ni Susana at tinapunan ng tingin ang nakatayong binata.

—Sinabi nga niya sa akin, Susana, — nakatawang sagot ni Maria Luisa. — Nguni't ngayo'y hindi na iyan maiinip... naririto na ako. Kung minsan ay mabuti na iyang nagkakalayo at nagkakasabikan... ang ikinatatakot ko ay baka kami magkasawaan kung palagi na lamang nagkikita.

Nakangiti lamang si Rafael at hindi sumagot.

Noon lamang napansin ni Maria Luisa si Dora na nakatayong nakaakbay na paalalay ang isang kamay sa balikat ni Diana. Napatitig si Maria Luisa sa mukha ni Dora, pagka't nakatawag sa kanya ang

Sumunod si Diana kay Maria Luisa. Ang pilay na bata ay masayang nagkukuwento sa kanyang ale. Ikinukuwento ang prinsipe at prinsesang narinig kay Dora. Tuwangtuwa naman si Maria Luisa at madalas na pikitan ang tagapag-alaga ng pamangkin.

Naiwan si Rafael. Si Susana man ay nagtungo na rin sa bahay, pagka't kung gayong hapon na'y inihahanda ang mga kakailanganin ng asawang darating mula sa pinapasukang opisina.

Magaan ang puso ni Rafael. Maligaya siya. Naglibanglibang siya sa pamamasyal sa maluwang na halamanan nina Maria Luisa.

Yari na ang pasya ni Rafael na kausapin si Maria Luisa tungkol sa kanilang pagiisang dibdib. Mahigit nang anim na buwang magkasintahan sila at ang nauukol sa pag-iisang dibdib ay hindi man lamang nila napag-uusapan.

Nitong magtungo sa Sebu si Maria Luisa ay nakaranas siya ng masidhing pangungulila. Naisip niyang dapat na nga silang mag-isang dibdib

upong magkatabi. Hawakhawak pa rin ni Rafael ang isang kamay ng dalaga.

—Alam mo, kangina'y yaring-yari na sa isip ko ang mga sasabihin ko sa iyo, nguni't ngayo'y hindi pala kailangan ang maraming salita. Ang lahat-lahat pala ng ibig kong sabihin ay masasabi ko sa ilang salita lamang, — ani Rafael.

—Kung gayo'y sabihin mo sa ilang salita. Siguro'y maiintindihan ko naman, — tumawa si Maria Luisa.

Pinisil ni Rafael ang kamay ni Maria Luisa. — Ano pa ba ang hinihintay natin, Maria Luisa? Bakit ba hindi pa tayo pakasal?

—Naiintindihan ko nga ang ibig mong sabihin, — at muling nagtawa nang malakas si Maria Luisa.

—Tinatawanan mo ako, nguni't hindi ako nagbibiro, Maria Luisa!

—Hindi rin ako nagbibiro. Talagang naiintindihan ko ang sinabi mo. At dahil nga sa naiintindihan ko ay itinatanong ko sa iyo: kailan ibig mong tayo ay pakasal?

Nag-umapaw ang ligaya sa



# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

**Nagkaroon Ng Tunggalian Sa Puso Ni Rafael: Sundin Ang Utos Ni Maria Luisa O Kupkupin Si Tinoy**

maamong mukha nito na bagay sa simpleng pamihis.

—May bagong tagapag-alaga yata si Diana, — sabi ni Maria Luisa at tinapunan ng tingin si Susana.

—Oo, siya'y si Dora, — tugon ni Susana at magiliw na nginitian ang dalaga. — Ang dating tagapag-alaga ni Diana ay umalis. Mabuti naman ... hindi sila magkasundo ng pamangkin mo.

—Magkaibigan kami ni Dora, Tita... mabait si Dora, — sambot ng bata. — Marami siyang kuwento sa 'kin... magagandang kuwento tungkol sa prinsesa at prinsipe.

Isang ngiti ang isinukli ni Maria Luisa kay Dora.

—Naiinitan ako... maliligo ako at magbibihis, — baling ni Maria Luisa kay Rafael. —Hintayin mo ako at dito ka na maghapunan.

—Talaga naman, — nakatawang pakli ni Rafael. —Akala mo ba'y mapauuwi mo akong madali ngayon kahit mo na itaboy. Maraming-marami akong sasabihin sa iyo...

Nagtawa si Maria Luisa at tumalikod na.

ni Maria Luisa. Nag-iibigan din lamang sila'y bakit magaaksaya pa ng panahon?

Nang makapaligo at makapagbihis si Maria Luisa ay nanaog na siya sa hardin. May pananabik ang mga mata ni Rafael na napatitig sa kasintahan.

—Kung makatingin ka'y parang matagal na matagal na hindi mo ako nakita! — wika ni Maria Luisa at inukulan ng malagkit na tingin si Rafael.

—Parang isang daang taon ang dinanas kong pangungulila sa iyo magmula nang magtungo ka sa Sebu, —sagot ni Rafael at inabot ang isang kamay ng dalaga.

Magkahawak ang tig-isang kamay ay marahang naglakad sila sa hardin.

—Rafael, ano ba 'yong maraming-marami 'ka mong sasabihin mo sa akin? — itinanong ni Maria Luisa pagkaraan ng ilang sandali.

—Maupo tayo sa pahingahang 'yon, — ani Rafael at itinuro ang sadyang pahingahang nasa hardin.

Nagtungo sila roon at na-

dibdib ni Rafael. Para siyang itinulak ng isang lakas, at nayakap ang dalaga. Hindi naman tumutol si Maria Luisa, nguni't nang hagkan ni Rafael ay maliksing iniilag ang mukha.

—Huwag, baka may makakita sa atin! —malambing na sansala ni Maria Luisa kay Rafael.

Nang mga sandaling yaon, hindi sinasadya'y napatanaw si Dora sa hardin. Nasa silid siya ni Diana at kausap niya ang matabil na bata. Nakita niya ang nakahihiling ayos ng dalawa.

Dali-daling binawi ni Dora ang kanyang tingin. May kirot na parang sumundot sa kanyang puso. Kangina lamang na nakita niyang dumating si Rafael na kasama si Maria Luisa ay nakaramdam na siya ng sakit ng damdamin. Kailan man ay hindi pa nararanasan ni Dora ang gayon, kundi ngayon lamang — at naunawaan niyang lihim siyang umiibig kay Rafael.

Malungkot na lumayo na lamang sa bintana si Dora.

Sa hardin nama'y patuloy ang matamis na pag-uulayaw nina Maria Luisa at Rafael.

—Ang itinatanong ko sa iyo'y kung kailan mo ibig na tayo'y pakasal? — untag ni Maria Luisa kay Rafael pagkatapos na palayain siya ng sabik na mga bisig nito.

Hindi agad nakasagot si Rafael. Wala siyang tiyak na nasa isip kung kailan ibig niyang idaos ang kanilang kasal. Ang inaalala niya'y baka hindi pumayag si Maria Luisa na pakasal na sila, kaya sa pagsang-ayon nito'y para siyang nabigla.

—Ang ibig ko nga lamang malaman ay kung payag ka nang pakasal tayo, — sabi ni Rafael na alanganing napakamot sa ulo. — Ang balak ko'y ipaayos ang aking bahay ...at ngayong payag ka nga'y nais ko sanang ang iyong gusto ang sundin sa pagpaayos ko... Sabihin mo sa akin kung ano ang ibig mong idagdag at kung ano ang ibig mong alisin.

—E, sige... ihanda mo na ang mga karpintero, — ani Maria Luisa. — Magpupunta tayo sa inyong bahay at titingnan ko kung anong ayos ang ibig ko. Lalong mainam ay may kaharap na isang arkitekto para masabi ko sa kanya.

—Pagkayari ng bahay ay saka tayo pakakasal, — naliligayahan sabi ni Rafael. — Hindi kita basta maiaalis dito sa malaki at magandang bahay upang ipanhik ka pagkatapos sa isang bahay na munti na'y hindi mo pa gusto ang pagkakaayos.

—Kaya nga ipagawa mo na agad ang bahay.

Nagkayari ang magkasintahan.

Makailang araw pa'y naihanda na ni Rafael ang lahat. Nakipagkasundo na siya sa isang arkitekto. At nang araw na magtipan sila ni Maria Luisa na magtutungo sa bahay ay kasama na nila ang arkitektong mamamahala sa ipaaayos na bahay ni Rafael.

Sinabing lahat ni Maria Luisa ang lahat ng pagbabagong ibig niya. Ipinangako ng arkitekto na ang lahat naman ay masusunod. Nasi-

yahan si Maria Luisa.

Nguni't nang aalis na lamang ang magkasintahan ay tumatakbong dumating si Tinoy. Natigilan ang bata nang makita si Maria Luisa. Napangunot-noo naman ang dalaga, pagka't natatandaan niyang iyon din ang batang napulot ni Rafael. Galing sa paaralan si Tinoy.

—Ba, Rafael, hangga ngayon pala'y hindi mo pa dinidispatsa ang batang 'yan? — wika ni Maria Luisa kay Rafael.

Kaharap ng magkasintahan si Tinoy. Nawalan ng loob si Tinoy sa kanyang narinig.

—Si Tinoy ay... dito na nakatira, Maria Luisa, — sabi ni Rafael pagka't hindi napalingid sa kanya ang pamumutla ng bata.

—Pero sinabi ko na sa iyong paalisin mo na siya... 'yan ay noong bago pa ako magtungo sa Sebu, — ani Maria Luisa na namumula ang mga pisngi.

Nahalata ni Rafael na galit si Maria Luisa. At ipinangangamba niyang makapagsalita ito ng maaaring ipagdamdam ni Tinoy, kaya niyaya na niya ang kasintahan.

Tinapunan pa muna ni Maria Luisa ng maalab na tingin si Tinoy bago nanaog na kasama ni Rafael. Nakasakay na sila sa auto nang magsalita si Maria Luisa.

—Ano ba ang binabalak mo sa batang 'yon at hindi mo pa pinaaalis? — may galit na nagpapanginig sa tinig ni Maria Luisa.

—Si Tinoy ay hindi katulad ng mga batang sinasabi mo sa akin na nagsisinungaling, —sagot ni Rafael at isinalaysay niya sa kasintahan ang ginawa niyang paghanap sa tinitirahan ng bata.

—Nakilala kong totoo ang lahat ng kanyang sinabi sa akin. Nakausap ko ang kanyang Lola Senday. Pati iyong Mang Tomas na pinagsisilbihan niya.

—Ngayon ay ano?

—Si Tinoy ay isang mabait na bata, — wika pa ni Rafael. — Kailangan niya ang isang makatitingin sa kanya, Maria Luisa.

—At ang makatitinging iyan ay ikaw, sa akala mo?

—Nag-aalaala akong kungdi siya makatagpo ng isang tagapagkandili ay maaaring mapaligaw siya ng landas. Para kong nakikini-kinitang may maganda siyang hinaharap, maakay lamang.

Biglang tumawa nang malakas si Maria Luisa, nguni't ang tawang iyon ay may kasamang panlilibak.


—Kailan pa ba pumasok sa puso mo 'yang pagkakawanggawa? — ani Maria Luisa.

—Natatakot akong kung totoong nagiging mapagkawanggawa ka ngayon ay magsimula ka nang mamulot ng mga batang palaboy diyan sa lansangan. Baka punuin mo

*(Sundan sa pahina 31)*

# MAGANDA ANG KAMUSMUSAN

ni Miguel C. Arguelles



MASAYA si Deding nang pumasok siya sa kanilang silid-tulugan. Masigla ang katawang nahiga siya sa nakahanda nang higaan.

**Sa Linggo ay manonood kami ng Ate ng sine...**

Mula sa nakabukas na durungawan ay pinagmamasdan ni Deding ang mabilog at maliwanag na buwan. Naalaala niya ang isang tulang ukol sa buwan na itinuro sa kanila ni Miss Reyes: "O buwan bigyan mo ako ng sundang..." Ang buwan daw ay **moon** sa Ingles. Iyan ay natandaan ni Deding na itinuro sa kanila ni Miss Reyes: mataba, pandak, mapula ang mga labi, bihirang tumawa. Takot siya kay Miss Reyes kapag ito'y nagagalit. "Bukas ay Martes", naibulong ni Deding. Binilang niya ang kanyang mga daliri: **"Sunday, Monday, Tuesday...** sa Linggo ay magsisine kami ng Ate Lita."

Narinig ni Deding ang tikhim ng kanyang Ate Lita. Nangibabaw iyon sa ingay ng makinang panahian. Ang kanyang Ate Lita ay nasa bulwagan, nananahi ng mga damit ng babae.

**Sabi ni Miss Reyes ay maaga raw kaming matutulog kung gabi. Madali raw lumaki ang mga batang maagang natutulog. Paglaki ko'y magiging dalaga ako. Tulad ng Ate Lita. Tulad ni Miss Reyes..., Aba, ayaw ko pala ng tulad ni Miss Reyes: pandak, mataba at nakakatakot kapag nagagalit. Mukhang matanda na pati si Miss Reyes. Me konting kulubot na sa mukha at me uban na rin. Ayaw kong maging katulad ng titser ko. Gusto ko, pag ako'y dalaga na e tulad ng Ate Lita ko. Maganda ang Ate Lita. Si Miss Reyes ay...**

Napansin ni Deding ang bahagyang pagdidilim. Isang malaking kimpal na ulap ang tumakip sa buwan Naalaala niyang ang ulap ay... **cloud** sa Ingles. Turo iyon ni Miss Reyes.

**Sa Linggo ay magsisine kami ng Ate Lita...**

Lumitaw ang buwan mula sa tumabing na ulap. Maliwanag na naman. Naitanong ni Deding sa sarili: Alin kaya ang lumalakad, ang buwan o ang ulap? Hindi niya matiyak. Wari niya'y pareho. Nasabi niya: "Para akong nanonood ng sine. Pero maganda ang totoong sine. Maraming nakikita, maraming naririnig. Me mga batang nagsisipaglaro, nagsisipagsayaw, nagsisikanta. At saka malamig sa loob ng sine. At kumakain pati ako roon ng mani at kendi sa panonood."

**Kailan ba ang Linggo? Ngayon ay Martes. Isa, dalawa, tatlo, apat. Limang araw! Tagal...**

Natatandaan ni Deding na dati'y malimit siyang isama sa sine ng kanyang Ate Lita. Kung-saan-saang sine sila pumapasok. Malalaki at malalamig. Maganda ang palabas. Tagalog ang lagi nilang pinanonood dahil sa ayaw niya ng Ingles. Hindi niya maintindihan ang sinasabi ng mga artista roon... Nguni't matagal-tagal nang hindi siya nakakapanood ng sine. Mula pa nang mag-aral ng pananahi ang kanyang Ate Lita.

**Ibig ko'y Linggo na bukas...**

Tumigil ang ingay ng makinang panahian. Narinig ni Deding ang malambing na tinig ng kanyang Ate Lita: "Tuloy ka, Dan..."

"Magandang gabi, Lita!" Kilala ni Deding ang dumating. Sa tinig lamang niyon ay kilala na niya agad. Isang larawan ang nabuhay sa balintataw ni Deding: mataas at maputing lalaki, kulot ang buhok, matangos ang ilong, at may... naisip niyang "bigote" nga pala ang tawag doon.

**Bakit kaya laging napaparito si Dan? A, kaibigan siya ng Ate Lita. Masaya ang Ate Lita pag naririto si Dan. Nagtatawanan sila. Nagbubulungan. Hindi ko maintindihan ang kanilang pinag-uusapan. Ingles kasi. Matagal-tagal na ring naparito si Dan. Bakit kaya laging nagpupulbos at naglilipistik ang Ate Lita tuwing paparito si Dan? At alam na alam pati ng Ate Litang darating si Dan; laging alam niya. Magaling 'atang manghula ang Ate Lita!**

Hindi na naririnig ni Deding ang ingay ng makinang panahian. Ang naririnig niya'y ang usapan ng Ate Lita niya at ni Dan. Hindi naman niya maintindihan. Kung minsa'y tumatawa ang Ate Lita niya. ung minsa'y sabay na tumatawa ang Ate Lita niya at si Dan.

**Mabait daw si Dan, sabi ng kanyang Ate Lita. Naniniwala siyang mabait nga si Dan. Dinadalhan siya ni Dan ng kendi, ng biskuwit at ng ubas. Kinakandong siya ni Dan at pinipisil-pisil ang kanyang pisngi. Dati'y hinahalikan pa siya ni Dan sa pisngi, nguni't ayaw na niyang pahalik dahil sa matalas ang bigote ni Dan at nakikiliti siya. Tumawa ang Ate Lita niya nang sabihin niyang nakakikiliti ang bigote ni Dan kaya ayaw na siyang pahalik. Pero talagang mabait si Dan; madalas siyang bigyan ng pera ni Dan. Marunong pumili ng kaibigan ang kanyang Ate Lita...**

Sa tingin ni Deding ay mataas na ang lagay ng buwan sa langit. Malapit na iyong ikubli ng pahugos ng kanilang bubungan. Wala na siyang nakikitang ulap. "Kayganda ng buwan!" nasabi ni Deding. "Me tao nga kaya sa buwan, taong may hawak na walis?" Naalaala ni Deding si Miss Reyes: Mabilog ang mukha. Parang buwan.

**Umaawit daw sa radyo si Dan, sabi ng kanyang Ate Lita. Pinakikinggan nila ng kanyang Ate Lita ang awit ni Dan sa kanilang munting radyo. Maganda raw umawit si Dan sabi ng kanyang Ate Lita. Kaya marahil napagdadaog ng kanyang Ate Lita ang mga kamay habang nakikinig sa awit ni Dan. Humihinga nang malalim ang kanyang Ate Lita. Tumatawa naman siya.**

Naririnig na naman ni Deding ang ingay ng makinang panahian. Naririnig din niya ang tawanan ng Ate Lita niya at ni Dan. At tuwing titigil ang ingay ng makinang panahian, ang bulungan ng Ate Lita niya at ni Dan ay nauulinigan pa rin niya.

**Baka may dalang pasalubong sa akin si Dan. Siguro, akala ni Dan ay natutulog na ako. Baka naman magalit ang Ate Lita pag ako'y lumabas. Hindi bale, bukas na lang...**

Hindi na makita ni Deding ang buwan. Ang liwanag na lamang niyon ang kanyang nakikita. Maraming bituin sa langit, parang isinabog doon. "Kumikislap ang mga bituin!" bulong ni Deding. "Ang mga bituin ay ano nga ba sa Ingles? A, **stars...**" Naalaala na naman ni Deding si Miss Reyes.

**Tagal pa ng Linggo. Gusto ko'y Linggo na bukas. Maganda marahil ang sineng panonoorin namin ng Ate Lita.**

Pumasok sa silid si Aling Dora, ang ina ni Deding. Biglang pumikit si Deding. Nagtulug-tulugan siya. Sa karimlan ay nakikita niya sa kanyang balintataw ang Ate Lita niya, si Dan, at ang titser niyang si Miss Reyes.

**Ano kayang oras na ngayon? Ang hirap e di ako marunong tumingin ng oras. Matutulog na nga ako. Sabi ni Miss Reyes e matulog daw nang maaga para lumaki agad. Paglaki ko ay magiging dalaga ako. Tulad ng Ate Lita. Tulad ni... aba, di pala tulad ni Miss Reyes...**

Naramdaman ni Deding ang paglabas sa silid ng kanyang ina. Hindi na nagtatawanan ang Ate Lita niya at si Dan. Patuloy ang ingay ng makinang panahian. Dumilat si Deding. Naghikab siya. Isa, dalawa.

**Sa Linggo ay isasama ako ng Ate Lita sa sine. Pihong maganda ang panonoorin namin. Gusto ko'y isama rin ng Ate Lita ko si Dan sa sine. Tatlo kaming manonood. Pagigitna ako sa kanila sa panonood; malamig sa loob ng sinehan e. Mabait si Dan. Kaibigan siya ng Ate Lita ko. Si Miss Reyes kaya e may kaibigan ding binata?**

At nakatulog na si Deding. (X)

# Magbugtungan Tayo..?

Naligo ang Senyora, hindi nabasa ang saya

Nagsaing si Hudas, kinuha ang hugas, itinapon ang bigas

Nakaluluto ay walang init, umaaso kahit malamig

Walang pintong pinasukan, nakapasok sa kaloob-looban

Gintong binalot sa pilak, pilak na binalot sa balat

Isang bahay ng mayaman, pinanhik ng magnanakaw, kinuhang lahat ang kayamanan, walang nakakibong sinuman

Bapor ko sa katihan, pinalalakad ng kamay

Aparador kong bubog, bukşan man ay di kumakalantog

Ano ito: hindi tao, hindi hayop, kung gabi'y pumipikit, kung araw ay dumidilat?

Mataas ang ibinitin kaysa pinagbitinan

Binalangkas nang binalangkas, saka inihampas

Isang madreng banal, sa gubat namamahay

Nang maliit ay pang-ulam, nang lumaki'y kasangkapan

Alam mong daratal, hindi mo alam kung kailan; walang imik at di maingay, kung bakit kinatatakutan.

Baboy ko sa Marigundong, araw-gabi'y umuungol

(Tingnan ang mga sagot sa pahina 31)

# Subukin ang Inyong Kaalaman

### UKOL SA IBA'T IBANG POOK SA PILIPINAS

1. Ang Ambuklao Dam ay matatagpuan sa...
   a. Pangasinan b. Lalawigang Bulubundukin k. Nuweba Biskaya
2. Ang bayan ng Lukban, tanyag dahil sa kanyang magagandang sambalilong buntal, ay nasa...
   a. Quezon b. Laguna k. Bulakan
3. Ang Irisan ay nasa gawing kanluran ng...
   a. Bagyo b. Angeles k. Kabite
4. Ang Pulupandan ay isa sa mga bayan sa...
   a. Sulu b. Negros b. Sebu
5. Ang yumaong Pangulong Manuel Quezon ay isinilang sa...
   a. Lucena b. Baler k. Gumaka
6. Si Presidente Garcia ay buhat sa bayang ito ng Bohol...
   a. Talisay b. Talibon k. Talihim
7. Ang Maramag, pook na ibinigay sa mga walang lupa, ay nasa...
   a. Cotabato b. Lanaw k. Bukidnon
8. Ang pook na tanyag sa pagkakaroon'ng masasarap na kakanin (puto, bibingka )ay...
   a. Bibingkahan b. Polo k. Malinta
9. Ang modelong bukirin ni Jose Yulo ay matatagpuan sa...
   a. Bakolod b. Mindoro k. Kanlubang
10. Ang makasaysayang pook ng Barasoain ay nasa...
   a. Bulakan b. Maynila k. Batangas

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mga Sagot | | 5. b | 8. b |
| 1. b | 3. a | 6. b | 9. k |
| 2. a | 4. b | 7. k | 10. a |

KABIHASNAN (Buhat sa pahina 4)

taon mula nang maitatag ni Alkalde Borja ang isang uri ng pamahalaang demokratiko sa pook na kinaroroonan ng mga Ilongot, mayroon nang mga ilang kapuna-punang pagbabago na mababakas sa pamumuhay, ugali at pagkilos ng mga taong-bundok na itong noong mga nakalipas na panahon, sa taguri lamang ng angkan ay sapat na upang katakutan ng balana. Sa ngayon, ang mga mamamayan ng Pantabangan, Karangalan, Rizal at hanggang sa San Jose, ay malimit nang nakakakita ng mga Ilongot. Ang mga ito ay wala nang pagkakiming dumako sa mga nabanggit na bayan upang ipagpalit ng kanilang mga pangangailangan, katulad ng asin, bagoong at ilang piraso ng damit para sa kanilang kababaihan, ang "pendang" o pinatuyong tapa ng usa o baboy-damo na kanilang napapatay sa pangangaso. Sa kabilang dako, ang mga Kristiyano, sa mga nabanggit na bayan, ay hindi na rin nangingiming makipag-usap at makisalamuha sa mga Ilongot na bumababa sa bayan. Ang mga taga-bayan, na ang mga hanapbuhay ay nanggagaling sa kagubatan, ay nakararating na ngayon ng malayu-layo sa loob ng gubat, di tulad noong mga lumipas na panahon na ang mga ito ay nagkakasya na lamang maghanap ng kanilang ikabubuhay sa mga bungad ng kakahuyan.

Sa sakop ng Abaka ay dalawang bahay-paaralan ang nakatayo na ngayon at dalawang guro ang palaging nakatalaga roon upang pangasiwaan ang pagtuturo sa mga anak ng Ilongot. Bunga ng pagsisikap ng dalawang guro, marami na sa mga kabataan ang marunong magsalita ng Tagalog at mayroon na ring mga ilan na nakauunawa at nakabibigkas ng ilang kataga sa wikang Inggles. Nitong mga araw nang pagdalaw ng inyong **tagapagbalita** ay sinimulan ni G. Hermogenes A. Punzalan, guro sa Abaka, ang pagdaraos ng **adult education** upang hasahin ang mga maygulang sa pagbasa at pagsulat at sa gayon ay maragdagan ang bilang ng mga Ilongot na ngayon ay may karapatang humalal sa ating mga eleksiyon. Sa kasalukuyan ay dadalawa pa lamang Ilongot ang nagtataglay ng karapatang makahalal.

Ang pagkakaingin na siyang tanging paraan ng mga Ilongot sa paghahalaman upang mapagkunan ng gulay, kamote, mais at tubo na bumubuo ng malaking bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pagkain ay unt-unti na ring nababago. Kamakailan ay isang latag na lupa na umaabot sa 1,000 ektaryang parisukat ang itinalaga ng pamahalaan upang bungkalin at mapag-anihan ng mga Ilongot ng kanilang makakaing bigas. Ang 400 ektarya sa lupaing ito na madaling mapapatubigan sa tulong ng Ilog Abaka ay inihahanda na ngayon ng mga Ilongot at sa pagtataniman ng taong ito ay sisimulang tamnan na. Isang kalabaw na babae, isang araro at ilang kagamitan sa pagsasaka na padalang tulong ng pamahalaan ang ngayon ay nasa kamay ng mga Ilongot at siyang ginagamit nila sa paglilinis sa lupang tataniman.

Di tulad ng dati na ang mga tahanan ng magkapit-bahay na Ilongot ay nagkakalayo ng mahigit na isang kilometro at hindi magkaabot-tanaw, sila ngayon ay natitipon sa isang reserbasyon na itinalaga ng pamahalaan at ang kanilang mga bahay na yari sa kahoy, yantok at kugon ay nakapaligid sa kinalalagyan ng paaralang pang-nayon ng Abaka at ng bahay-himpilan ng isang pangkat ng Kompanya "C" ng 1st BCT na binubuo ng apat na kawal na palaging nakatalaga roon.

Anupa't ang lambong na itim na humahati sa mga mamayang Pilipino sa kapatagan at sa mga kapus-palad na Ilongot na sa tanang buhay ay walang nabatid at nakilala kundi ang kinagisnang mga burol, kagubatan at matatarik na pook ng mga bulubundukin, ay unti-unting nahahawi na. Namamanaag na sa kinaroroonan ng mga Ilongot ang silahis ng bagong kabihasnan, karunungan at uri ng pamahalaan na siyang mag-aakay sa kanila upang makamit ang lubos na pagtitiwala hindi lamang ng buong bansa kundi pati ng mga dayuhan.

Tunay at hanggang ngayon ay lubhang napakaliit pa ang napapalis sa makapal na ulap na tumatabing sa mga mata ng mga taong-bundok na ito upang makita at madama nila ang kagandahan ng liwanag ng kabihasnan. Subali't sa ginagawang pag-akay sa kanila ni Alkalde Victorino Borja at ng iba pang kinauukulan, sasapit din ang araw na ang mga Ilongot ay matututong mamuhay katulad ng pamumuhay ng mga tao sa kapatagan at makikilala bilang mga mapayapa at mga karapatdapat na mamamayan. Pagsapit ng mga sandaling iyan ay ganap na "mabubuksan" naman ang mga bundok ng Siyera Madre at Karabalyo at ang malalaking kayamanang nakatago sa pusod ng mga bulubunduking iyan ay "lalabis" para sa kapakanan at kabutihan ng buong Pilipinas.

## Sa Liwanag ng Ilaw

### *napahimbing ako...*


*isang basong tubig! ako'y nauuhaw...*
*bakit kayo'y tila nangatitigilan?*
*kahi't na sampatak ako ay dulutan,*
*yaring mga labi'y mabasa man lamang...*

*nauuhaw ako! isang basong tubig—*
*kay-haba ng aking naging panaginip:*
*isang paglalakbay na lubhang lumawig,*
*sa nagpakalalim na gabing tahimik.*

*ang bungang-tulog ko'y hindi mapuputol*
*kungdi sa mainit na halik ng simoy,*
*saka sa kaluskos ng mumunting ibong*
*maagang sumimsim ng hamog sa dahon.*

*isang basong tubig! nasaan ka, irog,*
*at natitiis mo yaring pagkapagod?*
*paghingal ko'y tingnc't parang tinutuhog*
*na butil ng kwintas na halos mag-abot.*

*ako nga'y nangarap ng di-akalai't*
*ni sa guniguni'y hirap panganayin;*
*sa aking kudyapi kung maisasalin,*
*hamakin ma'y hindi ng makagigiliw.*




LUNES ng umaga, at alam n'yo na, 'ku, mahirap na lang magsalita. Talaga namang mahihiya'ng palengke sa paligid-ligid ngayon. Kanya-kanyang dale ang mga kapitbahay ko. Tila nagpapagalingan ang mga damuho sa paingayan ng kani-kanilang mga **lungga**.

Pinapalo ni Busyang ang bunso dahil ayaw sumalok. Nagpapaiyakan na naman ang mag-inang Tayang, d'yan sa duluhan. Pinipilit na naman ni Tayang na maligo'ng anak. Nag-aaral na ngayon ang anak ni Tayang. Ang pangalan daw pala sa eskuwelahan (ayon sa apo ko ke Pitring) e, Sepulcro Tagod. Kaya di ko masabi-sabi ang palayaw sa anak ni Tayang no'n, e, baka di n'yo paniwalaang 'yon e, pangalan nga ng bata. Kung tawagin 'ni Tayang ang anak n'ya, e, **Pukoy**.

Hayun, nagbububusa na naman si Onyang. Ayaw na naman 'atang magurong ng kinanan ang anak n'yang binatilyo. Isa pang me kakatwang pangalan ang anak na ito ni Onyang. Paterno raw sa kalendaryo ni Kapanahong Honorio Lopez at kung palayawan naman e, **Tenok**. (Hmmm!) Nahihiya raw tuloy manligaw ang damuho dahil sa kanyang palayaw.



Nagkakabidahan namang mabuti'ng magkumareng Tinay at Pinang. D'yan lang sa me likuran sina Tinay at dinig na dinig dito'ng **abla kete abla** ng mga d'yaski.

Talagang 'yang si Pinang, oo. Ke aga-aga'y nasa kapitbahay na. Naku. 'ala ikayong balita d'yan ke Pinang. 'Ba, e, me 'sang anak si Pinang na itinalaga na lang ng mister n'yang si Tino para maging tagasundo na lang sa kanya, a. Pa'nong di magkakagayon, e... palagay nang bibili lang si Pinang ng tuyo e... makikipaghuntahan na sa tindahan hanggang sa mamatay ang bagang pag-iihawan ng binili n'ya. Madalas daw tuloy malipasan si Tino at ang kanilang mga anak. Mabuti na lang at napakapasens'yoso n'yang si Tino.

'Ku, h'wag kayo... Hayun nagkakabuting talaga'ng dalawa nina Tinay at Pinang. 'Kala n'yo naman e, kani la'ng baryo kung magsiusap, dinig hanggang tumana. 'Ku at tigas pang tawanan, o...

**Pinang:** Henga pala Mare, alam mo na ba'ng lumabas sa h'weteng kagabi?

**Tinay:** O, bakit, ano ba'ng lumabas, Mare?

**Pinang:** Ay, naku, Mare! Talaga namang di ako makakain ng almusal kanina. Muntik na 'kong tumama.

**Tinay:** Ano ba'ng tinayaan mo?

**Pinang:** Pomp'yang ng 9 (9-9)

**Tinay:** O, ano'ng lumabas?

**Pinang:** E, pomp'yang ng saisss (he-he-he, idiniin pa!) Di ba binaligtad lang ang taya ko, Mare? Saisss! (6)

**Tinay:** Naku, sayang nga, Mare! Ba't di mo pa binaligtad ang taya mo!

**Pinang:** 'Yon nga ang isinisisi sa 'kin ng Pareng Tino mo. 'Ba, e, anong magagawa ko, 'ka ko, sa nakatayo'ng babae ang napanaginipan ko. (Ang numero ng babae ayon ke Inggo e, 9) At nagkatawanan ang mga d'yaski.

---

'Eto nga pala'ng isang nakatutuwang nangyayari sa baryo namin. Alam n'yo, dito sa 'min, e... di nakaaabot ang koryente. 'Ala kaming ilaw kundi mga gasera. At alam n'yo na'ng ilawang gasera — mausok. At ito'ng nakatutuwa, dahil sa mausok nga'ng mga ilawan namin, paggising namin sa umaga e, me nagbiting agiw sa 'ming mga buhok at pilik mata.



KAILAN lang nakaabot sa barberya ni Anong ang mga balitang pag-atras ng ilang aspirante sa pagkapresidente.

Ani Anong: Bagay sa mga nagsiurong na yon, e, magsama-sama at magtayo naman ng sarili nilang partido. Partido Segurista'ng bagay sa kanila. Tila naniniguro lang sila, e. Pag tila nakaramdam na me talo, atras. Samakatwid, e, di husto, o, di tunay ang pagmamalasakit nila sa bayan. —Sumasaliw ang taginting ng gunting ni Anong sa madalas na pagsasalita niya.

Sabi naman ni 'Insang Akwa: 'Alang k'wenta pa'ng partidong sinabi mo, Pareng Anong. Partido Artista'ng bagay sa kanila, ang partido ng mga kandidatong **pagirl-giri.**

—'Ala ring k'wenta 'yan, 'Igang Akwa, —sabad naman ni Talyo. —Bagay sa kanila'y Atras-Abante Party.

Lekat, parang makinang panahi ni Simong Sastre! He-he-he...

---

SI IMPYONG, sa me dulo na ng baryo, e, me anak na pinagpipilitan nilang mag-anak na mapag-aral sa Menila. Nasa tersera anyo raw umano si Turne, ang anak nilang panganay. Me hilig daw si Turne pagka't di raw nila kinapansinan ng panghihinawa sa pagpasok. Kaya gayon na lang naman ang pagtitipid at pagsisikap ng mag-anak ni Impyong. Pati'ng mga anak nilang babae e, gumagawa ng kabit anong mapagkikitaan at si Adyong ay naglalabada na. Katwiran at madalas sabihin ni Impyong sa asawa't mga anak e, ito: Bayaan n'yo't makatapos na makatapos lang si Turne e, giginhawa na kayo. Malaki'ng sinasahod ng mga medyo me naabot. At ikararangal pa n'yo s'ya. 'Ba, sino rito sa 'ting baryo'ng nakapag-aral sa Menila. Bilang na bilang sa daliri.

Sa gayon e, lalo namang napapamahal si Turne kina Adyang at sa kanilang mga anak na babae. Halos sakalin na nila'ng kanilang mga lalamunan sa pagkain. Ang masasarap na ulam at kakanin e, pinagtitiisan na nilang di kainin at inilalaan ke Turne. Mangyari, ang isa pa, e, nasabi raw ni Turne na kung panay tuyo ang iuulam n'ya e, baka di s'ya makapasa pagka't di raw nakapagpapaandar ng utak ang sustans'ya ng tuyo. (He-he-he). Me rasyon pa tuloy gatas ng kalabaw at itlog si Turne.



Ang saklap nito, kamakalawa ng gabi'y di umuwi si Turne. At kanina'y lumitaw. 'Me kasamang 'sang alangang mistisang di matanto. **Talaga nga namang kagaganda ng mga tutong Menila,** nasabi pa ni Karya tungkol sa uwi ni Turne.

'Yan, e, malinaw — nagtanan ng babae si Turne gayong nag-aaral at kasalukuyan pang inaasahan ng mga magulang at mga kapatid.

'Ku, talaga raw namang nagliparan ang mga uwak na namumugad sa puno ng manggang kalapit nila nang manangis si Adyang. Gayon na lang daw ang panunumbat ke Turne: **Turne, di mo na nilingon ang ginagawa naming pagpapakasakit! Napakawala mong habag sa 'min! Sabihan naman** daw ng mga kapatid na babae ni Turne: **Kuya, wala kang utang na loob! Nagdidildil kami ng asin at ikaw e kumakain ng masarap para makatapos ka lang ng pag-aaral... pagkatapos,** yan ang tinapos mo! —sabay turuan daw sa misis ni Turne.

Bunga nito'y maghapon daw na nagsarili si Impyong sa kubo n'ya sa tumana.

E, nakausap ko si Turne. Natanong ko kung bakit naman nagawa n'ya'ng gayon. Ito'ng sabi n'ya: Palagay ko'y kasalanan na rin hu nila'ng nangyari, e.

Nabigla ako't tila nayamot ke Turne. Napamaang na lang ako sa isinagot n'ya. Seguro'y nahalatang di ko nagustuhan ang sinabi n'ya, nagpatuloy ng pagpapaliwanag ang damuho.

—Tingnan n'yo, Tata Kanor. Laging nakakausap ko si Eskie (ito'ng pangalan ng misis ni Turne; Iska sa baryo.) Madalas kong maik'wento sa kanya na mahal na mahal ako sa 'min. Ako'y de gatas at itlog. Ang sabi'y mabait daw seguro ako. Pambihira raw seguro akong anak. **At Pumalo** sa 'kin. E, ano pa hu'ng gagawin ko?

---


NABANGGIT na rin lang ang pagtatanan ni Turne ng babae, e... idamay na natin 'tong nangyari ke Berto nang magtanan naman ang anak n'yang dalaga. Alam n'yo, dito sa 'min, naging arte na naming matatanda na kapag labag sa kalooban namin ang pagkakapagtanan ng aming mga anak e, tataga kami sa haligi at ipagsisigawan namin, iparirinig namin sa lahat ang: **hangga't di naghihilom ang sugat ng haliging**



**ito, e, di makapapanhik ang mga traidor na 'yan!** (ang mga nagtanan).

He-he-he, e, di gano'n nga'ng naisipang gawin ni Berto nang matiyak na sumama sa isang taga-kabilang-ilog ang anak n'ya.


Gigil na gigil na ipinagwaswasan ni Berto'ng nangingislap n'yang pisaw at nang makailang ikot e, biglang itinaga sa isang haligi. (Maryosep!) Alam n'yo ba'ng nangyari? Kawayan lang ang haligi nina Berto at ang tinaga niya'y nabali. Mangyari pa, nagiba'ng bahay n'ya. Para h'wag mahalata'y ito'ng isinigaw ni Berto: **Hindi makapapanhik dito ang mga traidor na 'yan hangga't di nagagawa'ng bahay na 'to!**


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
NARDA, DI KA NAGKAMALI. PINAUNLAKAN NI CAROLA ANG AKING ALOK NA MAKIPAG-ISANDIBDIB SA KANYA.
SI MAGNUS, EMPERADOR NG GITNANG KALAWAKAN!
MGA KAMAHALAN, LABIS AKONG NAGAGALAK SA PAGKAKASUNDO NINYO.
NGAYON, BB. KALAWAKAN, PUMILI KA NG 'LAHAT NG IBIGIN' MO BUHAT SA AKING ISANG MILYONG PLANETA.
HMMMM. ANO KAYA?
ANO ANG IBIG MO? GA-BUNDOK NA MGA ALAHAS?
"ISANG BILYONG SASAKYANG PANGHIMPAPAWID ANG NAGLISAW SA KALAWAKAN. IBIGAY KO BA SA IYO, NARDA?"
"O, BAKA IBIG MO NG BUONG SANLIBUTAN? INIISIP KONG LUMIKHA NG MAY DALAWANG ARAW AT LABINDALAWANG PLANETA!"
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
NAKU, WALANG KATULAD NG ALIN MAN DOON! IYON LAMANG MAARI KONG MADALA SA DAIGDIG.
!
AH, NARDA, IYAN ANG ISANG BAGAY NA HINDI MO MAGAGAWA -- ANG BUMALIK SA DAIGDIG!
ITUTULOY-


Johnny Tremain
ni Walt Disney
MALIWANAG NANG MAGDIDIGMAAN ANG MALIIT NA KOLONYA AT ANG MAKAPANGYARIHANG INGLATERA. NGUNI'T KAILAN... AT PAANO IYON MAGSISIMULA?
...AT IULAT NINYO ANG LAHAT NG IKIKILOS AT BIBIGKASIN NG MGA INGLES, KAHIT DI-GAANONG MAHALAGA!
SABI NILA'Y BATA PA AKO UPANG HUMAWAK NG BARIL --NGUNI'T MAGAGAMIT KO ANG AKING MGA MATA AT MGA TAINGA!
SHIP'S
SA ISANG DI-KALAYUANG PLATERYA...
NAPAKABAGAL MO! TUTULAK NA AKO BUKAS E, HINDI MO PA NAKUKUMPUNI ANG AKING PANGKAMPANYANG SARTIN!
DI-DINARAMDAM KO, GINOO!
MAGTUTUUS TAYO PAGBABALIK NG AKING BARKO BUHAT SA PORTSMOUTH!
MABILIS NA BUMALIK SI JOHNNY UPANG MAG-ULAT SA MGA PUNO NG "SONS OF LIBERTY."
PORTSMOUTH!
HINDI IYAN ANG INAASAHAN NATING HAKBANG NA GAGAWIN NILA!
NGUNI'T MATALINONG HAKBANG!
MAY MGA ARMAS ANG KORONA NA NAKALAGAK SA MGA KUTA NG WILLIAM AT MARY SA PORTSMOUTH!
...AT IBIG NI HENERAL GAGE NA PATATAGIN ANG MGA GARISON NA KULANG SA TAUHAN!
5-5
MGA GINOO...ANG MGA ARMAS AT DINAMITA DOON AY MAARING GAMITIN NG MGA ANAK NG KALAYAAN!
NGUNI'T TUTULAK NA ANG BARKO BUKAS!
Distributed by King Features Syndicate.
NANG GABING YAON, ISANG KABALYERO ANG MABILIS NA LUMISAN SA BOSTON.
NASA SA PORTSMOUTH NA AKO BAGO MAKAALIS SA DAUNGAN NG BOSTON ANG BARKONG IYON!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
ITUTULOY...


*Kapaki-pakinabang para sa inyo ...*


# KAHON NG PANLINIS NG SAPATOS



Ang kahong ito'y magsisilbing sis·ilan ng eskoba, mga lata ng biton at mga pirasong basahan na ginagamit sa paglilinis ng sapatos. Gumamit ng kinatam na mga tablang may kapal na ⅜", maliban sa tablang pang-ilalim na gagamitan ng plywood na may sukat na 12¼" x 9".

Ikabit ng mga turnilyo ang mga dulo at gilid, at pagkatapos ay saka isunod ang pang-ilalim. Ang mga dulo ng tabla ay may taas na 3¼" at luwang na 8". Ang taas ng mga gilid ay hindi pantay; higit na mataas sa gitna kaysa sa mga tabi. Ang halang na tabla sa gitna ay ikinakabit ng turnilyo sa mga gilid at ilalim.




Ang hawakang kahoy na may kapal na ⅜", habang 8¾" at lapad na 1½" ay maaari nang ikabit ng turnilyo sa halang na tabla sa gitna.

Pagkayari ng kahon, ito'y maaaring barnisan upang gumanda at hindi agad kapitan ng dumi.

# PAGSISIMENTO NG PADER



Ang simento ay hindi tinatablan ng tubig kaya kapag ito'y ipinantakip sa pader, mapangangalagaan nito ang mga tipak ng batong bumubuo sa pader.

Marahang tanggalin ang mga nakasingit sa mga lapat (joints) ng mga tipak ng bato sa lalim na ¼ pulgada.

Kung ang mga tipak ng bato ay magkakadikit, ukaan ang mga pagitan ng tipak na ang ginagamit ay martilyo at pait. Ang mga ukang ito ang siyang pagkakapitan ng simento.

Maghalo ng simento sa proporsiyong dalawang bahagi ng buhangin sa isang bahagi ng simento, na may halong sapat na daming tubig.

Basaing mabuti ang pader at ikapit dito ang pinaghalong simento. Gawing pahampas ang pagpapakapit ng simento upang ito'y dumikit na mabuti sa pader.

Pakinisin ang ibabaw ng simento sa pamamagitan ng kahoy na pangkinis.

Ang dapat na maging kapal ng matatapos na simento ay kalahating pulgada.

Panatiliing basa nang ilang oras ang simento sa pamamagitan ng bahagyang pagdilig. Ito'y makapipigil sa pagpuputuk-putok ng simento na sanhi ng madaling pagtigas.

## Kayo At... *(Buhat sa pahina 9)*

lan ng bitamina D. Maaari rin naman na ang **sternum** ay malalim at gumagawa ng parang kanal sa dibdib. Nangyayari ito dahil sa pag-urong ng mga litid na nagkakabit sa **sternum** at **diaphragm**. Itó kung minsan ay mana-manahan nguni't ang tunay na dahilan ng ipinagkakaganito ay hindi pa natutuklasan. Sa ganitong kalagayan, ang paghinga ay nagiging mahirap nang kaunti at malulunasan lamang sa pamamagitan ng operasiyon.

Ang kakulangan sa Bitamina D (**rickets**) at sa Bitamina C (**scurvy**) ay nakikita sa dibdib sa pamamagitan ng maliliit at matitigas na bilugang pamamaga na parang mga "beads". Ito'y may hugis V na baligtad. Ang parang kuwintas na ito ay tinatawag na **"rikety** o **rickitic rosary"**. Hindi na gaanong karaniwan ito sa ngayon dahil sa mabubuting pagkain at pagbibilad sa araw ng mga bata. Maraming ina ang nababalisa dahil sa isang maliit at bilugang matigas na bagay na nahihipo sa ibaba ng **sternum** sa may sikmura. Ito ay hindi bukol. Bahagi ito ng buto ng dibdib na siyang magkakabit sa **sternum** bago dumating sa unang taon ang sanggol. Sa ibang bata, ang mga kustilyas sa ibaba ay matutulis at halos nakikita na nguni't ito ay nawawala kapag ang bata ay nakakaupo na.

**Ang kahabaang-gulugod (Spinal Column)**

Sa likod, ang pinakamahalagang dapat malaman ay ang **spinal** at guluguran (**vertibral column**). Ito ay nagsisimula sa ibaba ng bungo at nagtataglay ng sari-saring maliit na buto na pinagdikit-dikit ng mga himaymay (**fiber**). Ang gitna ng bawa't buto ay nakabukas kaya't ang hanay nito ang siyang bumubuo ng tinatawag na **spinal canal**. Sa loob ng kanal na ito ay makikita ang **spinal chord** na siyang karugtong sa ibaba ng utak. Paris din ng pagtatakip ng bungo sa ating utak, ang **guluguran** at **kahabaang-gulugod** ang siyang nag-iingat sa buong **spinal chord**. Ang utak at ang **spinal chord** ang siyang bumubuo ng sentro ng mga nerbiyos (central nervous system).

Ang **spinal column** ay nababaluktot kung minsan pakaliwa o pakanan. Ang pagkabaluktot nito ay tinatawag na (**skoliosis**). Kung minsan ay parang nababaluktot lamang nang kaunti sa likod lalo na sa panig sa itaas, at ito'y tinatawag ng **kyphosis**. Ito ang nakikita natin sa mga kuba. Maaari rin namang mabaluktot na paharap at ito'y tinatawag na balyadad (**lordosis**). Ang mga depektong ito ay nanggagaling sa mga pagkakalinsad ng mga buto o buhat sa mga depekto sa panganganak, o sa sakit na polyo.

**POTT'S DISEASE**

Ang **vertebrae** o maliliit na buto sa **spinal column** ay maaaring mapinsala ng tuberkulosis na siyang sumisira sa mga butong nasabi. Ang sakit na ito ang siyang tinatawag na **Pott's disease**. Malaki ang nagagawang sama nito sa mga bata kaya't kailangang masuring maaga. Kadalasan, ito'y napapabayaan hanggang maging totoong malubha na at napinsala na ang lahat ng mga buto. Sa ganito, nagkakaroon ng pamamaga ang **vertebrae**. Ito'y masusuri sa pamamagitan ng **X-Ray**, at ang simula ng tuberkulosis at impeksiyon ng baga ay madaling makikita. Ang **Pott's disease** ay kailangang makita kaagad ng isang manggagamot sa buto, at isang operasyon lamang ang maaaring makalunas sa kapinsalaan. Mahalaga ring isabay dito ang pangkalahatang lunas sa tuberkulosis.

Sa ilang mga sanggol, nangyayari rin ang magkaroon ng depekto sa ibabang **vertebrae**. Ang isa o ilang buto ay nagkakaroon ng bukas o puwang kaya't ang **spinal chord** at ang mga panakip dito ay nagsisialsa o naunulis. Ito'y tinatawag na **meningocele**. Ang impeksiyon ng ganitong pamamaga ay maselang. Nalulunasan din ito ng mga manggagamot nguni't karaniwang sumusunod ang mga komplikasiyon.

Sa magkabilang panig ng itaas ng **spinal chord** ay isang butong ang hugis ay parang pakpak. Ito'y tinatawag na "wing bone" o **scapula**. Nahahalata itong madali sa mga payat na bata lalo na kung itinataas at ibinababa ang bisig. Kung minsan din, ito'y nagkakapinsala nguni't di totoong kaselangan.

**ANG MGA PAA AT BINTI NG SANGGOL**

Maaaring magkaroon ng pinsala ang mga paa at binti ng sanggol. Ang ilan ay waring di pansin nguni't may iba namang nahahalata o nakikita ang pinsala. Kung minsan ito ay dala na ng sanggol sa panganganak, ang iba naman ay likha ng mga di wastong pagkain o kapahamakan at pagkakasakit na nagdaramay ng mga buto, laman at litid, gaya ng polyo.

May ilang sanggol na ipinanganganak nang walang paa o binti. Mayroon namang iba na higit sa karaniwan ang dami ng mga daliri ng kamay at paa. Ang ilan ay nagkakadikit-dikit ang mga daliri sa paa o kamay, o magkakabit kaya ang hintuturo at hinlalaki. Sa mga depektong ito, kung minsan ay nagiging panlunas ang operasyon.

PAANG PATO: — Kung ating pagmamasdan ang mga paa ng mga bata, makikita natin na ito'y matambok at nakalapat sa tuntungan, di gaya ng sa matanda na may hukay sa ilalim. Ang pagkakapantay ng paa ng mga bata ay dahil sa sapin-saping taba na karaniwang tinatawag na "physiologic flatfoot".

Habang lumalaki ang sanggol at nagsisimula nang lumakad, ang saping taba ay unti-unti nang nawawala at nagkakaroon na ng arko ang talampakan. Kung nananatili pa rin sa pagkakaroon ng paang pato hanggang siya'y maging dalawang taong gulang, ito'y dapat nang patignan. Ang pagkakaroon ng paang-pato ay karaniwan at maaaring malunasan. Kadalasan, ang nagiging sanhi nito'y ang masamang tubo ng laman sa paa at binti.

Maaaring itagubilin ng manggagamot ang pag-eehersisiyo. Kung ang pagpapaang-pato ay masamang tignan, ipakita agad ito sa isang espesiyalista o ortopedista (nagwawasto ng mga buto). Ang paang-pato ay nababago sa pamamagitan ng paggamit ng isang uri ng sapatos. Nilalagyan ng sapin o pampataas sa panig na panloob ng talampakan at ang kapal nito ay iniaayon sa kalubhaan ng pagka-paang-pato.

# BALITANG PANDAIGDIG AYON SA KAMERA



**MODELONG 1830**—Yari sa kahoy at nababalot ng kuwero, ang instrumentong tinatawag na "serpent" ay naka-display sa Hamburg, Alemanya. Bagama't liku-liko, ito'y may magandang tunog na ang nagsasaayos ng tono ay ang mga daliri. —**Larawang kuha ng Wide World Photo.**



**5,000 DOLYAR ISANG DALIRI**—Ang mga kamay ni Yvonne Sergent, isang Pransesa na nagmomodelo sa Estados Unidos, ay nakaseguro sa halagang 50,000 dolyar. Si Yvonne ay nagmomodelo ng mga alahas sa mga bantog na platerya sa Amerika at nakahandang maglakbay sa Europa.



**HUWAG KAYONG MANIWALA** sa inyong nakikita! Hindi tutoong mga musiko na ngayon sina Gary Cooper at Maurice Chevalier. Ang larawang ito'y kuha nang sila'y gumanap ng isang bilang na katatawanan sa isang pagtitipon ng mga mamamahayag sa Paris kamakailan.



**DI PANGKARANIWAN**—Nang magtanghal ng isang pagsasanay sa digma ang isang pangkat ng hukbong dagat ng Estados Unidos ay may lumitaw na bilog na usok buhat sa pinaputok na kanyon, gaya ng makikita sa larawan. Ito'y tumawag ng pansin sa lahat nang nakakita, sapagka't talaga namang di-pangkaraniwan!


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-19 NA LABAS
NANG NAGDARAAN SI LEANDRO SA ISANG MADILIM NA POOK NG KALSADA AY DINALUHONG NG DALAWA...
ang nakaraan: NARINIG NI JOHNNY ANG SABI NI LEANDRO NA PUPUNTA ITO KINA TERESA SA KINAGABIHAN. PAUWI NA SINA TERESA AT RENE NANG ABANGAN NI JOHNNY AT PAGTANGKAANG HALAYIN ANG DALAGA. IPINAGTANGGOL NG BATA ANG KAPATID AT NABULAGTA NANG SUNTUKIN NI JOHNNY. SAMANTALA, DALAWANG KASAMA NI JOHNNY ANG NAG-AABANG KAY LEANDRO NA PATUNGO NA KINA TERESA AT WALANG KAMALAY-MALAY SA NANGYAYARI...
WALANGHIYA KA, HA?
VOTE
MASAMANG TAO!... BAKIT MO...
BA!... ANO'NG IBIG SABIHIN NITO? ...BITIWAN N'YO AKO...
Katha ni EDDIE RAÑOLA
DAHIL SA LASING ANG BINATA AY DI NAKAALPAS SA DALAWANG KASAPAKAT NI JOHNNY. AT MAKARAAN ANG ILANG SANDALI...
BAKIT... ANO ANG NANGYAYARI DITO?
ANG TAONG ITO!... NAHULI NAMING NAGTATATAKBO! TILA GINAWAN NG MASAMA ANG MAGKAPATID NA 'YAN!
ANG KAPATID KO!... NASAKTAN KA BANG MABUTI?
HINDI NA MASYADO, ATE! ... PERO KANINA ... PARANG NATANGGAL ANG PANGA KO!
NAGTAGUMPAY ANG PAKANA NINA JOHNNY. SI LEANDRO ANG NAPALITAW NA NAGTANGKANG HUMALAY KAY TERESA...
TALAGANG WALA AKONG NALALAMAN SA NANGYARING ITO! MAAARING NAPAGKAMALAN LAMANG AKO...
ANONG NAPAGKAMALAN! BAKIT PARANG TUMATAKAS KA NANG MAKITA NAMIN?
SINUNGALING KAYO!... HINDI AKO TUMATAKAS!... LUMALAKAD LANG AKO NANG...
AMOY ALAK KA ...AT MUKHANG LASING! ANG TAONG LASING AY TALAGANG NAKAKAGAWA NG MGA BAGAY NA DI NALALAMAN!
SA KABILA NG PAGTUTOL NG BINATA AY IPINAGSAMA SIYA NG PULIS UPANG DALHIN SA HIMPILAN...
INUULIT-ULIT KONG WALA AKONG KASALANAN! NAGKAKAMALI KAYO NG PAGDAKIP SA AKIN!
SA HIMPILAN KA NA MAGPALIWANAG! LILITAW DIN AT LILITAW ANG KATOTOHANAN!
MAGING SI TERESA AY PARANG DI MAKAPANIWALA SA NANGYARI...
SIYA NGA KAYA...? HINDI AKO MAKAPANIWALA!...
PERO... MAARI! LASING SIYA! SAKA, MAAARING DAHIL SA SAMA NG LOOB NIYA SA AKIN KAYA SIYA NAKAGAWA NG GAYON!
KINABUKASAN, KINA DON FILEMON...
SAAN KAYA NAGPUNTA ANG BATANG IYAN AT HINDI UMUWI! NGAYON LAMANG NANGYARI ANG GANITO!
BAKA NAPABARKADA AT KUNG SAAN NAGPALIPAS NG MAGDAMAG!...TALAGANG IYANG ANAK MO AY MALAKI NA ANG IPINAGBAGO BUHAT NANG MALOKO SA PULUBING IYON!
SA DARATING SI LULU...
TIYONG!...TIYANG! NALAMAN NA BA NINYO ANG NANGYARI? DINAKIP DAW NG PULISYA SI LEANDRO! NAKUKULONG NGAYON!
HA?
DIYOS KO!... AT BAKIT? ANO RAW ANG NANGYARI?
ANG MABUTI'Y PUNTAHAN NATIN SA ISTASYON PARA MALAMAN NATIN ANG LAHAT!... KAILANGANG MAIPAGLAGAK TULOY NATIN PARA MAKALAYA!
SIGI NA, FILEMON! LUMAKAD NA KAYO NGAYON DIN AT NANG MAGAWAN AGAD NG REMEDYO...
NANG MGA SANDALING IYON, HINAHANAP NINA TERESA AT RENE ANG ISANG BAHAGI NG AKORDIYON NA NATANGGAL NANG NAGDAANG GABI AT UMAGA NA NANG KANILANG MAPANSIN...
HINDI MAAARING MAPUNTA IYON SA IBANG LUGAR! ...PIHONG DITO RIN SA LUGAR NA PINANGYARIHAN KAGABI...
PAG HINDI NATIN NAKITA E 'ALA NA TAYONG HANAPBUHAY! ...PATI'NG GITARA KO, E NASIRA TULOY DAHIL SA...
BA!... ANO'TO!
ANG NAKITA NI RENE AY ISANG BAGAY NA SIYANG MAKAPAGLILIGTAS KAY LEANDRO SA MALUBHANG PARATANG! ABANGAN ANG KARUGTONG.
ITUTULOY

Tunay na Pangyayari

# "AKO'Y NAGKAMALI"


***Pagtatapat ng Isang "Checker" kay Benito R. Cadiz***

MALIGAYA raw ako, ang sabi ng aking mga kaibigan. Nguni't ang tutoo, may mabigat na pasanin ako sa buhay na kaipala'y walang nakababatid. Naito... isasalaysay ko sa inyo ang aking kasaysayan...

Magkababata kami ni Selina. Lumaki kaming maganda ang pagtitinginan. Malimit tuloy kaming tuksuhin ng aming mga kaibigan. Bagay daw kaming maging "Mr. and Mrs.". Magiging maligaya raw kami kung kami'y makakasal. Maganda raw kami kapuwa, parehong may kaunting pinagaralan at magkasundo pa ang aming mga magulang. Iyan daw lamang ay sapat na upang kami'y lumigaya sakaling kami'y maging magkapalaran.

Lingid sa marami, kami ni Selina ay may lihim na ngang pagkakaunawaan. Natuto kaming magmahalan nang kami'y magbinata't magdalaga. At maligaya kami kapuwa sa aming lihim na pagsusuyuan.

Kung may isang bagay na maipipintas ako kay Selina ay walang iba't ang kanyang makalumang paniniwala sa buhay. Hindi siya palaayos. Bihira siyang magpulbos at ayaw mag-lipstik. Sa ganang kanya ay hindi na kailangang gumamit pa ng artipisyal na pampaganda ang isang babae upang maging maganda sa paningin ng kapuwa. Ang likas na kariktan ay siyang lalong mainam, ayon sa kanya.



*At nang manaog ako ay may iniwan akong pagbabanta.*

Tutol ako sa gayon niyang simulain at paniniwala sapagka't ako'y isang lalaking makabago. Subali't wala akong magawa. Sa tuwing babanggitin ko sa kanyang magpaputol siya ng buhok, magpahid ng **lipstick** kahit paminsan-minsan o dili kaya'y magpulbos kung siya'y nananaog ng bahay, ay ayaw siyang makinig. Dahil diyan ay malimit tuloy kaming magkaroon ng bahagyang hinanakitan at tampuhan.

Isang araw, napasama ako sa ilang kaibigan sa pag-inom ng alak. Nagkalasingan kami. Dahil sa kalasingan ng isa naming kasama ay biniro ako kay Selina.

—Nakakasuya naman ang bata mo! —medyo nagtatawa pang wika. —Sinaunang-sinauna. Nagmumukha tuloy pindangga!

Hindi ko pinansin ang pagbibirong iyon. Nguni't patuloy akong tinukso tungkol sa pagiging makaluma ni Selina. Nahahalata na pala nilang kami'y "nagkakamabutihan" ni Selina kaya naisipan akong biruin.

Dahil sa lasing din ako, nang bumanggit ang nanunukso sa akin ng isang bagay na hindi ko natanggap ay nagalit ako. At muntik nang humantong sa away ang pag-iinuman naming iyon...

Ang napagbalingan ko ng galit ay si Selina. Naisip kong dahil sa katigasan ng kanyang loob kung kaya pati ako'y tinutukso at tinutuya ng aking mga kaibigan. Sa halip na umuwi na ako ay nagtuloy ako kina Selina. Nang kami'y magkausap nang sarilinan ay sinabi ko ang nangyayari...

—Kung ikaw ba naman ay sumusunod na sa akin... sana'y wala na tayong pag-uusapan. Bakit, masama ba naman, sa palagay mo, kung sumunod ka man sa uso? Huwag lamang lalabis?

—Nguni't ayaw kong makiuso, —ang paliwanag ni Selina. —Ang ibibili ko ng anomang pampaganda ay iuukol ko na sa lalong mahahalagang pangangailangan.

—Subali't paano naman ang n: asabi-sabi tuloy sa iyo ng tao? Ibig mo bang sa habang panahon ay tuksuhin ka na lamang at pag-usap-usapan dahil sa pagiging makaluma?

—Ang mga nag-uusap-usap sa akin ay walang matinong isipan! —may-katigasan nang


## ANONG LAKING GINHAWA!

FORMULA—EACH TABLET CONTAINS MAGNESIUM HYDROXIDE 309 GM.



Isang pagaksaya ang kumain ng dalian,
Pagkain at lakas ay kapwa nasasayang.


At kung dumaranas ng di pagkatunaw,
Walang sigla, hapo pati pakiramdam.

Sa Tabletang Phillips, lunas makakamtan,
Kayo'y sasangayon pag 'yong sinubukan!


25-5

Kung ang pagkain at paginom ay maging labis at humina ang inyong panunaw, humingi ng tabletang PHILLIPS MILK OF MAGNESIA. Kayo'y masisiyahan sa taglay nitong lasang kanaisnais na nagdudulot ng mabilis na ginhawa sa pangangasim at panghahapdi ng sikmura, kabag at iba pang kaligaligan sa inyong tiyan. Subukan... at tingnan kung bakit angaw-angaw na tao ang umaasa sa tabletang PHILLIPS.

Bago! Tabletang PHILLIPS, ang hirang ng daigdig, pinakamabilis magsaayos ng masamang sikmura na ngayon ay nasa magaang na paketeng "cellophane". Kahanga-hanga para sa inyong lukbutan o hanbag . . . At matipid pa. Lunukin ano mang oras, kahit saan. Ito'y basta nalulusaw sa inyong bibig.




PHILLIPS' TABLETAS A MILK of MAGNESIA



*Sina Eddie Garcia at Marlene Dauden, sa isang kainggit-inggit na tagpo sa "MGA LIGAW NA BULAKLAK" ng Sampaguita. Pinamamahalaan ni Direktor Tony Cayado, lumalabas si Eddie sa pelikulang ito bilang ganap nang bituin, kasama nina Susan Roces, Romeo Vasquez, Daisy Romualdez at Tony Marzan.*



*Sina Eddie Infante, Cielito Legaspi at William Phipps, sa isang tagpo sa "THE DAY OF THE TRUMPET" ng C. Santiago Film Organization. Isinapelikula sa* Eastman Color at Superscope, *ito'y isa sa pinakamagugol na pelikulang matagal na ginawa at nakatakdang itanghal sa may 4,000 sinehan sa Estados Unidos.*



*Tila may magandang ibinabalita si Barbara Perez kina Daisy Romualdez at Chaning B. Carlos nang handugan siya ng isang salusalo ng mga taga-Sampaguita bilang pasalubong sa pag-uwi niya buhat sa Hongkong. Si Daisy ay dalawang buwan sa Hongkong dahil sa pagsasapelikula roon ng "PAGODA" na siya ang isa sa mga pangunang bituin.*



*Larawang kuha sa isang siyuting ng "TURISTA" sa siyudad ng Tokyo. Makikita si Direktor Felising Constantino sa dakong kaliwa (nakaamerikanang puti) kasama ang mga artistang hapones na nagsiganap sa pelikula at ang ilang pinuno at tauhan ng Daiei Motion Pictures.*

## ibá't ibang Kulay sa puting tabing

ni eddie rañola

Paniwala't dili: isang ngipin ng babae ang natanggal sa pagsasapelikula ng *H-Line Gang* ng Larry Santiago Productions.

Sa isang tagpo ng "bakbakan" sa nabanggit na pelikula ay naglabu-labo ang dalawang pangkat ng kadalagahan. Naging makatotohanan ang tagpo, bagay na ikinatuwa ng namamahalang direktor. Nguni't nang matapos ang siyuting ay nakitang dumurugo ang bibig ni Josie Santos. At nang alamin ng mga kasama ay nakitang tanggal ang isang ngipin nito.

Hindi malaman kung sino ang "may kasalanan" sa nangyari. Nguni't ayon na rin kay Josie ay maaaring si Lani Oteyza o si Cahrito Perez na siyang nakasagupa niya sa kinunang tagpo.

Ngayon, medyo ilag na si Josie sa pagganap sa iba pang tagpo ng "bakbakan"' sa *H-Line Gang*. Baka nga naman lagi siyang matanggalan ng ngipin ay maging bungal na tuloy siya pagkatapos ng ginagawa nilang pelikula.

---

*Talagang mahirap ang maging artista, ayon kay Susan Roces. Nasabi niya iyan dahil sa mga sampal na tinanggap niya sa pagsasapelikula nila ng* Mga Ligaw na Bulaklak *ng Sampaguita. Dito'y kinailangang sampalin siya ni Daisy Romuldez, gayundin ni Martin Marfil at ng isa pang kasama. At hindi naman biru-biro lamang ang ibinibigay sa kanya kundi ubos-lakas upang maging makatotohanan. Namaga tuloy ang kanyang mukha.*

*Sa kabila ng lahat, natutuwa rin si Susan. Mahirap man daw ang maging artista ay maligaya naman at "sikat" sa maraming tagahanga. "Ang hirap at pagod ay napapawi at nalilimot kapag itinatanghal na at napapanood namin ang aming mga pelikula", wika pa ni Susan.*

---

Si Nita Javier ay mahusay na kusenera. Pinatutunayan iyan ng kanyang mga kasamahan sa LVN. Lamang ay makakalimutin daw si Nita, kaya kung minsan ay "naloloko" ang kanyang pagluluto.

Isang araw ng Linggong wala silang siyuting ay inanyayahan ni Nita ang kanyang mga kasamahang bituin sa LVN sa isang salusalo sa kanilang tahanan. Habang nagkakatuwaan sa pagbibidahan ang mga bisita ay hinaharap naman ni Nita ang pagluluto. Ibig niyang "pasikatan" ang mga kasama. Katulong niya sa harap ng kalan sina Luisa Montesa at Elena Balmori.

Nang kakain na ang lahat ay marami ang napapatakam. Nangangamoy ang mabangong "lutong makaw," gayundin ang istopadong baboy na paboritong lutuin ni Nita.

Nguni't nang simulan na ang salusalo ay marami ang nagkatinginan. At ang istopado't lutong-makaw ay siyang naiwang hindi halos nagalàw sa hapag.

Nang magkausisaan, nakalimutan pala ni Nitang lagyan ng toyo ang lutong-makaw at hindi rin nalagyan ng asukal ang istupado. Kaya, nauwi na lamang sa pagtatawanan ang pagbibidahan ng magkakasama tungkol doon.

---

*Si Jose Corazon de Jesus, Jr. ng LVN ay isa sa mga sinasabing "nasa lòob ang kulo". Kung titingnan ay tahimik at parang walang kibo, nguni't ang tutoo'y may itinatagong kapilyuhan, laluna sa mga kasama sa estudyo.*

*Isang araw ay humahangos na dumating sa estudyo si Nida Blanca. Hinahanap si Donya Sisang pagka't ibig daw siyang makausap.*

*"Tila mahalaga ang sasabihin pagka't pinagmamadali ako, e," sabi pa ni Nida kay Nenita Vidal na siyang unang nakausap.*

*Nang hanapin ni Nida si Donya Sisang ay nagtaka ang matanda. Hindi naman pala ipinatatawag si Nida.*

*Tatawa-tawa lamang si Peping. At nang makita ni Nida at usigin kung bakit... ay napilitang "mangumpisal" ang pilyo. Si Peping pala ang tumawag sa telepono kay Nida at ginaya ang boses ni Donya Sisang. Ang nangyari: nagkapasa-pasa ang kanyang bisig sa mga kurot ni Nida.*

*At hindi lamang si Nida ang sinalbahe na ni Peping. Dahil sa mahusay manggagaya ng tinig ng may tinig ay ilang kasamang bituin ang "napasipot niya nang di oras sa estudyo", tulad ng ginawa niya kay Nida.*

*Nguni't ito ang maganda. Minsa'y si Peping naman ang humihingal na dumating sa estudyo. At hindi araw kundi hatinggabi. Nagtaka ang tanod sa pintuan at nag-usisa kung ano ang nangyari. Sinabi ni Peping na tinawagan siya sa telepono ni Tony pagka't may biglaang siyuting daw sila sa gabing iyon.*

*Nagtawa ang bantay, at nang mag-usisa si Peping ay nalaman niyang siya naman pala ang "naonse" ng mga kasama.*

*Kung sino ang may kagagawan ng paggising niyang iyon at pagsagsag sa kalaliman ng gabi ay siyang hindi malaman ni Peping hanggang ngayon.*

---

Nang sinusulat ito ay isa sa magagandang dalaga ang nakatakdang maging mapalad. Ito'y ang tatanghaling "Pretty Girl" sa timpalak na kaugnay ng benepisyong pagtatanghal ng "Pretty Boy" ng Sampaguita. Bukod sa mga gantimpalang tatanggapin ng mahihirang na "Pretty Girl" ay bibigyan pa ng pagkakataong masubok ang kakayahan sa paglabas sa pelikula. At kung papalarin, ang mapalad na "Pretty Girl" ng di malayong mapabilang sa mga tanyag na bituin ng Sampaguita Pictures.

---

*Isang araw ay narinig naming kakanta-kanta si Charito Solis ng "Leroy Leroy Sinta." Ang akala nami'y nagkamali lamang kami ng pakinig, nguni't hindi pala. Gayon nga ang kinakanta ni Charito, sapagka't nakatakdang isapelikula ng LVN ang isang kasaysayang pinamagatang* Leroy Leroy Sinta *na batay sa kantahing "Leron Leron Sinta." At hindi na kailangang sabihin pa kung sino ang pangunang bituing lalaki na lalabas sa pelikulang ito.*

---

Ang Maynila, Tokyo, Hongkong, Singgapur, Saigon at Djakarta ay magiging "location" ng isa pang pelikula ng Premiere na may anim na kasaysayan at pamamahalaan ng anim na direktor. Ang magsisilabas sa pelikulang ito ay ang mga bituin ding nagsilabas sa *Bicol Express*.

Ang pagpili ng direktor at ng mga artistang magsisiganap sa bawa't kasaysayan ay dadaanin sa sapalaran.

Kung ano ang magiging pamagat ng bagong pelikulang ito ng Premiere na nakatakdang simulan sa Oktubre ay saka na ihahayag ng samahan.

---

*Si Shirley Gorospe ay isa sa mga pinakamaraming pares ng sapatos. Nang dumating siyang kasama nina Zaldy Zshornack buhat sa Hollywood ay dalawampu't limang pares na sapatos ang dala niya, na muntik pang mawala sa biyahe dahil sa isang pagkakama-*

*li sa paglulunsad ng mga dalandalahan. At ang bilang na iyan ay wala pang kalahati ng mga sapatos ni Shirley, na ang iba'y naiwan sa Hollywood at ang iba'y bagong bili niya sa Maynila.*

---

Sa mga bituin sa puting-tabing na sumikat noong bago magkadigma ay si Paraluman ang masasabing hindi pa naglalaho ang luningning. Hanggang ngayon ay patuloy ang paglabas niya sa pelikula bilang pangunang bituin. At hindi naman katakatakang magkagayon sapagka't si Paraluman ay hindi pa rin kinukupasan ng angking kakayahan sa pagganap sa harap ng kamera. Higit pa siyang humusay at umunlad kaysa rati, ayon sa mga kritiko. At lalo pa siyang gumanda, ayon naman sa kanyang mga tagahanga.

Ang susunod na pelikula ni Paraluman sa ilalim ng Vera-Perez Productions ay ang *Sonata.*

ANG NASA PABALAT namin ngayon ay si Mirla F. Macalinao ng Meykawayan, Bulakan. Kumukuha ng Edukasyon sa isang Unibersidad, si Mirla ay mahilig sa pagbabasa, sa pagtugtog ng piyano at pakikinig ng mga makabagong tugtugin. Hindi makakaila ang angking katalinuhan ni Mirla. Nang tanungin namin kung ano ang mga hangarin at pangarap niya sa buhay, nakangiti siyang sumagot: "Ang karaniwang hangarin ng iseng mabuting anak..." Nang itanong naman namin kung sino ang napipisil niya sa mga kandidato ngayon sa panguluhan, "ligtas" ang kanyang naging kasagutan: "Ang sa palagay ko'y higit na karapatdapat maging lider ng ating bansa." Si Mirla ay may 20 taong gulang.

## ULILANG...

*Buhat sa pahina 19*

ang iyong bahay at hindi na ako magkaroon ng lugar?

—Napalapit na ang kalooban ko kay Tinoy, Maria Luisa, — mahinahong sagot ni Rafael bagaman nasakyan niya ang may kahulugang pananalita ng kasintahan. — Parang naipaisip niya sa aking ako ma'y isang batang ulila, na kung hindi sa isang mabuting taong umampon sa akin ay napaligaw ako sa kadiliman ng buhay. Ibig kong gawin naman kahit kay Tinoy man lamang ang ginawa sa akin ng isang mabuting tao...

Hindi sumagot si Maria Luisa. Nang ukulan ni Rafael ng tingin ang dalaga'y nakita niyang madilim ang mukha nito at sa malayo nakatanaw.

—Maria Luisa, si Tinoy ay kagigiliwan mo rin, — may pakikiusap ang tinig ni Rafael. — Matututuhan mo rin siyang mahalin.

—Wala akong balak na kumupkop ng ibang tao sa aking magiging tahanan — matigas ang tinig na sagot ni Maria Luisa. — Sinabi ko sa iyong paalisin mo ang batang 'yon at iyan pa rin ang sinasabi ko sa iyo ngayon. Alam mo na ang ugali ko, Rafael... ang sinabi ko'y sinabi ko. Kaya makapamimili ka... ako o ang batang 'yon?

Parang natulig si Rafael. Hindi niya mapaniwalaang magiging gayong kalupit ang pasya ni Maria Luisa.

(ITUTULOY)

## AKO'Y NAGKAMALI

*Buhat sa pahina 29*

wa na ang aming anak ay isip mo kasibulan kung makaayos. At sobra kung makapagpahid ng pampaganda, bukod sa inaahit pa ang kilay na ginuguhitan na lamang ng lapis. Kahit na malimit kaming kapusin sa pera ay hindi maaaring di niya iraraos ang para sa kanyang mga kagamitan. Ang mga pangangailangan ng aming tahanan at ng aming mga anak ay di na tuloy matugunan sa pagsunod niya sa moda at sa iba pang mga karangyaan. Kaya wala nang kapayapaan at kaayusan ang aming pamumuhay.

At ngayon ko napagdidilidili ang mga pangyayari. Ngayon ko malimit magunita si Selina, ang nilayuan kong kasintahan dahil lamang sa di pagsunod sa aking kagustuhan. Ngayon ko napag-isip-isip na ako na rin ang may kasalanan ng lahat. Ang bagay na hinanap ko at hinangad sa isang babae ay siya rin palang magiging sanhi ng mga kaguluhan at kasawian ko sa buhay.

Nguni't ano pa ngayon ang aking gagawin? Wala nang nalalabi sa akin kundi ang magtiis sa naging mapait na bunga ng aking pagkakamali.

Si Selina ay mayroon na rin ngayong asawa at isang anak. Isang kaibigan ko ang naging asawa niya, si Nardo. Tuwing magkikita kami ni Nardo ay hindi ako makaimik kapag buong pagmamalaking ibinabalita sa akin na siya'y maligayang-maligaya sa piling ng kanyang kabyak, na kung matamang pagmamalasin ay higit pang maganda at kaakit-akit kaysa sa aking asawa. (X)

## PARADA NG...

*Buhat sa pahina 5*

wigan at sa lunsod upang humingi ng pagbabawas sa halaga ng alkila ng pelikula. At dahil sa ang nakakatulad nila ay isang may-ari ng tindahan, wala siyang ginagawa kundi ang harapin ang lahat ng mga suliranin.

Sa panig naman ng buhay nila sa lipunan, si Gng. Eraña ay hindi katulad ng maraming "matron" na mahilig magdadalo sa mga pagtitipon at hindi marunong uminom ng alak o manigarilyo. Ang lahat nang iyan ay wala sa kanya. Hind naman siya salungat sa ugaling iyan lalo't nakikita niya sa maraming kababaihan sa panahong ito. Nguni't para sa kanya ay talagang hindi raw niya matututuhan, sapagka't unang-una nga naman ay hindi siya lumaki sa gayong kaugalian.

Naikuwento pa sa amin ni Gng. Eraña na katatapos lamang niya ng "High School" sa kumbento ng Assumption at kumukuha siya ng komersiyo sa Holy Ghost nang bawian ng buhay ang kanyang ama. Noon ay taong 1935. At dahil sa siya ang bunso sa kanilang tatlong magkakapatid, namalagi siya sa piling ng kanyang ina. Kung minsan ay nasa Nueva Ecija sila, at kung minsan ay nasa Bulakan naman. Kung katulad ng ibang bunso, maaaring siya ay "layaw" na gaya ng iba. Nguni't si Donya Sisang ay mahigpit kaya siya'y maingat na maingat at di niya nilalabag ang kagustuhan ng matanda.

Ito ang maikling kasaysayan ng buhay ni Gng. Bading de Leon- Eraña. Mapagkikilalang kahit na anong buti ng kabuhayan ng isang tao, ang wastong paghubog sa ugali samantalang bata pa ay lubhang kailangan. At gayon din naman sa pagmamahal sa mga anak. Kinakailangang daanin sa tumpak na kaparaanan, di tulad ng paniwala ng iba na ang pagmamahal ay maipakikilala lamang sa pagsunod sa lahat ng layaw. (X)

**SAGOT SA MGA BUGTONG SA PAHINA 20**

| | |
|---|---|
| Dahon ng Gabi | Bintana |
| Gata ng niyog | Saranggola |
| Yelo | Trumpo |
| Pag-iisip | Madre-kakaw |
| Itlog | Kawayan |
| Aklat | Kamatayan |
| Plantsa | Lagaslas ng tubig |
| Mata | |





ELGIN

The Beautiful Way to Tell Time





ELGIN lamang — isinaoras - sa - mga - bituing katumpakan, laging nasa modang istilo ng kaha, ligtas - sa - sirang takbo, kailanman — ay ang orasang ayon sa inyong horoskopyo at matinong pag-iisip ay dapat ninyong ariin... at mahalin!

COMPLETELY AIR-CONDITIONED HEACOCK'S The Store of Quality

Dasmariñas TEL. 3-54-71

ERA MEMBER



Lady ELGIN "Sabina": Nakatala sa Mapa ng Bituin! 19 na kilatis. 14K puno ng gintong kaha na may nababanat na mga kabitan ng panggalang. Anim na angat na numero, may 18K gintong mga pananda. Hibla ng nylong panggalang. Nakakahong-pangregalo.

7300WCC . . . ₱250.00

Lord ELGIN "Oxford": Sa di-nagbabagong uri! 21 kilatis. 14K puting puno ng gintong kaha. May 18K puting pigurang "12" at sampung palamuti sa itim na dayal. Magkasusong itim na may balahibong kalad na panggalang. Nakakahong-pangregalo.

7601WBS . . . ₱270.00




Nenita Vidal

**Kasintahan ng mga "Teen-ager"**